


# ANG IKALAWANG TATAK

 Magandang gabi, mga kaibigan. Tumayo tayong lahat panandali para sa panalangin.

<sup>2</sup> Aming Amang Makalangit, nagkatipon kaming muli sa taimtim na pagtitipong ito, ngayong gabi, sa gawain ng Panginoon. At Ikaw ay nangako na saan man kami magkatipon-tipong sama-sama, maging dalawa o tatlo man sa amin, na mapaparoon Ka sa aming kalagitnaan. At makatitiyak kami na Ikaw ay narito, sapagka't nagkatipon-tipon kami sa Kaniyang Pangalan.

<sup>3</sup> Ngayon dumadalangin kami, Ama, na—na pumarito Ka ngayong gabi at buksan ang Ikalawang Tatak na ito para sa amin. At tulad ng—ng sinabi ng manunula, nais niyang tumingin ng lampas sa tabing ng panahon. At iyan ang aming hangarin, Panginoon, ay sadyang upang—upang tumingin lamang ng lampas at makita kung anong nakalatag sa hinaharap. At idinadalangin namin na ang Cordero na pinaslang, ay bumaba ngayon sa aming kalagitnaan at buksan ang Tatak, at—at ihayag Ito sa amin, ang mga bagay na kailangan naming makita.

<sup>4</sup> Mayroong ilan dito, Panginoon, na hindi pa pumapasok sa dakilang pakikisamang ito kay Cristo. Idinadalangin namin na, ngayong gabi, na gawin nila ang Walang Hanggang desisyon, mapuspos ng Espiritu ng Diyos.

<sup>5</sup> Kung mayroong mga may karamdaman, Ama, idinadalangin namin na pagalingin Mo sila. Mayroong maraming mga panyong nakalapag dito na pinapatungan ko ng aking mga kamay, sa paggunita sa—sa Biblia, ni San Pablo, kung saan nagsikuha sila mula sa kaniyang katawan ng mga panyo at mga panapi. Iniwan ng maruruming espiritu ang mga tao, at sila'y gumaling.

<sup>6</sup> Nakikita namin ang nalalapit na Pagdating ng Panginoon. Nalalaman naming ang oras ay nalalapit na. Ang mga bagay na ito ay bumalik muli sa Iglesya, matapos ang labing-siyam na raang taon.

<sup>7</sup> Ngayon idinadalangin namin, Ama, na Iyong ipagkaloob ang mga bagay na ito na hinihiling namin. Palakasin ang Iyong lingkod, at tulungan ang Iyong mga lingkod sa lahat ng dako, Panginoon, at lalung-lalo na kami na nagkakatipon dito ngayong gabi, na matanggap nawa namin ang Salita. Hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>8</sup> Tunay na napakabuting makabalik sa bahay ng Panginoon muli sa gabing ito. At alam kong napakarami sa inyo ay nakatayo, ako—ako'y humihingi ng paumanhin tungkol diyan, ngunit wala na halos kaming anupamang magagawa. Aming—

ginawa namin ang—ang simbahan na kasing. . . palakihin pa iyan kung saan kami’y makakakuha ng tatlo o apat, tatlong daan o apat na raan pa para makapasok. Ngunit sa mga espesyal na pagtitipon na tulad nito, ito—ito’y naglalaman ng mas maraming mga tao.

<sup>9</sup> Ngayon, oh, nagkaroon ako ng napaka-inam na panahon, nananalangin, at pinag-aaralan itong mga Tatak. Inaasahan ko na kayong lahat ay, gayundin. [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Ako—nakatitiyak ako na kayo nga. At kung iyan ay nangangahulugan sa inyo ng higit ng tulad sa akin, iyan ay tiyak na isang. . . nagkakaroon kayo ng napakainam na oras. At mayroong akong. . .

<sup>10</sup> Nais kong tawagan ang isang kaibigan kong babae, pagkatapos ng serbisyo. At ito ay kaniyang kaarawan. Siya ay labing-dalawang taong gulang ngayong araw na ito, si Sarah, ang anak ko na babae. At susunod, pagkatapos, sa isang araw, kailangan kong tumawag ng panibago, sapagka’t iyan ay kaarawan ni Becky.

<sup>11</sup> At ngayon, ngayong gabi, pinag-aaralan natin itong Ikalawang Tatak. At para sa unang apat na Tatak ay mayroong apat na mangangabayo. At sasabihin ko sa inyo, sa araw na ito mayroon muling nangyari. At, ako—ako, isang bagay na aking. . . Ako’y tumungo at kinuha ang lumang nasulat na mayroon ako, na ipinangusap ko, matagal na panahon na ang nakaraan, at nanatiling nakatabi lang doon. At naisip ko, “Buweno, ako—ginawa ko ang pinakamainam na magagawa ko.” At maraming mga manunulat at mga bagay, at naisip ko, “Buweno, magbabasa pa ako ng ilang sandali, at tiningnan muli at tingnan *ito* at *iyang*.” At ang unang bagay alam n’yo, mayroong bagay na naganap, at iyan sa kabuuan ay kakaiba. Iyan ay kusang dumating na kakaiba. Pagkatapos ay kumuha ako ng lapis kaagad, at nagpasimulang magsulat ng kasing bilis ng makakaya ko, habang Siya’y naroroon.

<sup>12</sup> Oh, iyan ay isang bagay na naganap mga kalahating-oras pa lamang ang nakalipas. Sinasabi ko kay Kapatid na Woods, na dumating, mga ilang minuto pa lamang ang nakalipas. Isang bagay lamang, alam n’yo. Alam n’yo, mayroong napakaraming bagay ang naganap, na ni hindi mo man lamang maipangusap, alam n’yo. Ngunit sadyang mayroong isang bagay na katatapos pa lamang mangyari na tumulong sa akin ng napakalaki.

<sup>13</sup> Mayroon akong kaibigan dito sa gusali kung saan. Siyempre, lahat kayo’y mga kaibigan ko. Itong—Itong Kapatid na ito ay si Kapatid na Lee Vayle. Siya’y isang pinakamamahal na kapatid, at isang tunay na mag-aaral ng Kasulatan. Si Dr. Vayle ay isang Baptist na may Espiritu Santo. At siya ay. . . Hindi ko sinasabi ito bilang papuri, sinasabi ko lamang ito sapagka’t pinaniniwalaan ko ito. Palagay ko siya ay isa sa mga

pinakabihasang mag-aaral na nakilala ko, sa mga hanay natin. At sumulat siya sa akin ng isang maikling sulat dito, at ipinadala ito roon sa pamamagitan ni Billy. At hindi halos maibigay ni Billy iyan, sa akin. At iniisip ko . . . Hindi ko pa nababasa iyan lahat, ngunit sasabihin ko lamang kung anong sinabi niya rito. At babasahin ko lang ito, Kapatid na Vayle, kung ika'y naririto. Nabasa ko lang ito mga anim na buwan na ang nakalilipas.

14 “Hindi ko tiyak,” sabi niya. “Kapatid na Bill, Hindi ko tiyak, ngunit naniniwala ako na si Polycarpio ay isang estudyante ni San Juan.” Iya’y tama. Siya nga. “Palagay ko’y si Irenaeus ay isang estudyante ni—ni Polycarpio.” Iya’y tama, eksakto. “Sinabi ni Irenaeus, ‘si Jesus ay babalik—babalik kapag ang huling hinirang na bahagi ng Katawan ni Cristo ay pumasok.’”

15 Iyan ay si Irenaeus, mga apat na raang mga taon sa . . . pagkatapos ng kamatayan ni Cristo. Sinabi niya, “Kapag ang huling kapanahunang ito ay pumasok . . .” Ngayon, iyan ay sa—sa Bago-Konseho ng Nicaea. Kayong mga tao rito, na bumabasa ng—ng . . . nag-aaral ng Kasulatan, at nag-aaral ng . . . Ang ibig kong sabihin, nag-aral ng kasaysayan ng Biblia, inyong nasumpungan na sa bago- . . . sa Bago-Konseho ng Nicea. At palagay ko ito ay ang unang aklat o ang ikalawang aklat, inyo—inyong makikita iyan. At ngayon, nakita niya iyan, mga taon na ang nakalilipas, na sinabi niya, “At sa kahuli, huling—huling isang hinirang, iyang hinirang.”

16 Iniisip ng mga tao na ang paghirang ay isang bagay na kagagaling—na kagagaling sa isang bagay na naisip kailan lang. Naku! Iyan ay isa sa mga pinakalumang katuruan na mayroon tayo: pagkahirang at pagkatawag. At kaya nga si Irenaeus, tiyak, ang tunay na mga mag-aaral ng Kasulatan, ay laging naniniwala sa pagkahirang.

17 At kaya si Irenaeus ay isa sa mga—mga anghel ng kapanahunan ng iglesia, tulad ng nakita natin, tulad ng napag-aralan natin. Naniniwala tayo. Siyempre, ngayon, lahat sila ay mga hiwaga. Silang lahat ay narito, mismo, nakatago mismo rito sa mga Tatak, nakita ninyo. At sila ay ihahayag sa huling araw. Kung paanong sila’y nag-umpisa kay Pablo, at—at Irenaeus, at Martin, at kung sinu-sino pa, pababa, at dumating pababa sa huling kapanahunan.

18 At, ngayon, nagtitiwala tayo ngayon na pagpapalain tayo ng Panginoon sa mga pagpapagal natin ngayong gabi. Ngayon tayo’y nanggaling . . . Ang Unang Tatak, ikinasiya ko talaga iyan. Ang Unang Tatak, ang mga biyaya na kasama Niyon, sa akin!

19 At ngayon ako—hindi ko nais na panatilihin kayo ng masyadong matagal. Ngunit, kita n’yo, ako—ako’y aalis muli ngayon, sa ilan pang mga gabi, at pagkatapos na ito’y matapos. At kailangan lamang nating magtiis ng kaunti pang sandali. At ako’y nagpapasalamat . . .

20 Nakita ko si Kapatid na Junior Jackson na nakatayo roon. Ako. . . At palagay ko ay nakita ko si Kapatid na Ruddell, mga ilang sandali pa lamang ang nakalilipas, dito kung saan. At sila na mga kapatiran, iyan ay mga kapatid natin na iglesya na pinahintulutang lumabas, at ang mga iba pa. Lubos nating ipinagpapasalamat iyan. At nakita ko si Kapatid na Hooper, naniniwala ako, na nakatayo sa may pader doon, mula sa Utica, ang iglesya roon. At lubos naming pinasasalamatan ang inyong mabuting kooperasyon dito.

21 Ngayon, noong nakaraang gabi, tulad ng palaging ninanais natin, sa pagtuturo sa—sa mga Tatak, itinuro natin ito ng parehong paraan na ginawa ninyo sa—sa—sa mga kapanahunan ng iglesya. At nang matapos nating ituro ang kapanahunan ng iglesya, ang huling pagkakataon na iginuhit ko sila rito sa—sa pulpito, sa isang pisara, ilan ang nakakaalala kung anong naganap? Siya'y bumaba mismo, at nagtungo pabalik mismo sa pader, sa anyong Liwanag, at iginuhit iyan, Siya Mismo, mismo roon sa pader, sa harapan nating lahat. Ang Anghel ng Panginoon ay tumayo mismo rito sa harapan ng mga ilang daang mga tao.

22 At ngayon Siya'y—Siya'y gumagawa ng isang bagay na totoong supernatural ngayon, din, at kaya umaasa tayo ng dakilang mga bagay. Hindi natin alam. . . Maghintay lamang kayo para roon diyan—iyang dakilang pag-asam na iyan, hindi natin alam kung anong susunod na magaganap, alam n'yo na, basta—basta maghintay lamang. Ngayon, gaano ka-dakila ang Diyos sa atin, at gaanong kamangha-mangha! Pinasasalamatan natin Siyang lubos!

23 Ngayon, ang Una at Ika-2 talata, babasahin ko Ito, upang magbigay ng kaunting paglalarawan. At pagkatapos ay kukunin natin ang ika-3 at ika-4 na talata, para sa Ikalawang Tatak. At pagkatapos ang ika-5 at ika-6 na talata ay ang Ikatlong Tatak. At ang ika-7 at ika-8 ay ang. . . Dalawang talata sa bawat mangangabayo. At ngayon nais kong masdan ninyo kung paanong ang mga taong ito. . . Sa maputlang kabayong ito, siguro. . . Heto ito'y dumarating, na nananatiling nagpabagobago habang iyan ay nagpapatuloy.

24 At pagkatapos iyang dakilang, huling Tatak na bubuksan, kung kalooban ng Diyos, sa susunod na gabi ng Linggo! Na, kapag iyan ay naganap, mayroon lamang, tanging bagay na naganap, “ang katahimikan sa Kalangitan ng kalahating oras.” Tulungan tayo ng Diyos.

25 Ngayon babasahin ko ang ika-3 talata ngayon.

*At nang buksan niya ang ikalawang tatak, ay narinig ko sa ikalawang nilalang na buhay, na sinasabi, Halika't tingnan.*

*At may lumabas na ibang kabayo... (ika-4 na talata) . . . na kabayong mapula: at ang nakasakay dito ay pinagkaloobang mag-alis sa lupa ng kapayapaan, . . . upang mangagpatayan ang isa't isa... at upang mangagpatayan ang isa't isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.*

26 Ngayon, isang mahiwagang bagay ngayon, nang—nang sabihin ng Hayop kay Juan, “Lumapit ka lamang at tingnan.” At hindi niya nakita kung ano nga iyan. Nakakita lamang siya ng isang simbolo. At ang simbolong iyan, ang dahilan na ito’y . . . Sinabi niya, “Halika, tingnan,” ngunit siya ay nakakita ng isang simbolo, na kaniyang isisimbolo ito sa iglesia, sa isang paraan na sila’y magmamasid; hanggang ito’y dumating sa huling kapanahunan, at pagkatapos ang Tatak ay mabubuksan.

27 Ngayon, naunawaan iyan ng bawat isa ngayon, kita n’yo, ang mga Tatak ay mabubuksan. At hindi ba kayo nagagalak na nabubuhay sa araw na ito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Iyan, kita n’yo, hindi lamang iyan, mga kaibigan, ngunit palaging alalahanin ngayon, noong nakaraang Linggo ng umaga, kung saan ang buong bagay ay nakabase sa, kasimplehan! Kita n’yo? Simple, mapagpakumbaba, naganap sa gayon na lamang paraan na ang mga tao ay nagpatuloy lamang at ni hindi alam na Ito ay naganap.

28 At, alalahanin, tayo’y naghihintay sa Pagdating ng Panginoon, anumang oras. At kapag tayo . . . Ako’y gumawa ng isang pahayag, na marahil ang Pag-agaw ay magiging gayun ding paraan. Ito’y lilipas, matatapos, at wala ni isa na makaaalam ng anuman tungkol dito. Ito’y darating lamang tulad niyan. Kita n’yo? At kadalasan . . . Magbalik sa kabuuan ng Biblia at tingnan kung paano iyan naganap tulad niyon. Kita n’yo?

29 Kahit kasing dakilang bagay tulad ng pagdating ng Panginoong Jesus, walang nakaalam ng anuman tungkol dito. Inisip nilang, “Yang kakatwang iyan, na isang tao.” Ang sinabi ng mga iglesia, “Isang panatiko lamang. Tayo . . . Siya ay talagang baliw.” Sabi, “Siya ay isang sira-ulo.” “Alam naming Ikaw ay sira-ulo.” Ang *sira-ulo* ay nangangahulugang “baliw.” “Alam naming mayroon Kang diablo, at ginawa Ka nitong baliw. At pinipilit Mong turuan kami? Gayong, Ikaw ay ipinanganak doon, anak sa labas. Kami . . . Ikaw ay ipinanganak sa pakikiapid. Pinipilit turuan ang mga taong tulad namin, ang mga saserdote, at iba pa, ang templo?” Buweno, naku, iyan ay isang insulto sa kanila.

30 Nang dumating si Juan, na ipinangusap, pababa sa pagpapatuloy ng mga kapanahunan, mula sa Isaias hanggang Malakias. Iya’y labingdalawang daang . . . o pitong daan at labing dalawang taon, siya ay nakita na ng mga propeta, na

darating. Lahat ay naghihintay para sa kaniyang pagdating, inaasahan iyan sa anumang oras. Ngunit sa paraan na siya'y dumating, siya'y nangaral at ginawa ang kaniyang tungkulin, at pumaroon sa Kaluwalhatian.

<sup>31</sup> At maging ang mga apostol ay hindi alam iyan, sapagka't tinanong nila Siya. Ang sabi nila, "Ngayon, kung—kung ang Anak ng tao ay pupunta sa Jerusalem, ang lahat ng mga bagay na ito, na iaalay," sabi, "bakit sinabi ng Kasulatan na si 'Elias ay darating muna'?"

<sup>32</sup> Sabi ni Jesus, "Siya'y dumating na, at hindi ninyo nabatid ito. At kaniyang ginawa ng sadyang tamang-tama kung anong sinabi ng Kasulatan na kaniyang gagawin. At ginawa nila sa kaniya kung ano lamang ang naisulat." Kita n'yo? At hindi nila maunawaan ito. Sinabi Niya, "Iyon ay si Juan."

At, pagkatapos, "Naku!" Kita n'yo, sila—sila ay nagising, doon. Sila . . .

<sup>33</sup> At nang, maging, sa huli, matapos ang lahat ng mga bagay na Kaniyang—Kaniyang nagawa, at ang mga tanda na Kaniyang ipinakita sa kanila, at tinawag pa sila. Sabi, "Sino sa inyo ang makapaghuusga sa Akin ng kasalanan, di-pagsampalataya? Kung hindi ko sadyang ginawa ang kung anong sinabi ng Kasulatan na gagawin ng Aking katungkulan kapag ako'y dumating sa lupa, kung gayon ipakita ninyo sa Akin kung saan ako nagkasala. Kita n'yo? Pagkatapos ako— ipapakita ko sa inyo kung maging ano dapat kayo, at tingnan natin kung paniniwalaan n'yo ito, o hindi." Kita n'yo? Kundi sana'y pumihit Siya agad pabalik at nagsabing, "Kayo ay dapat na manampalataya sa Akin kapag Ako'y dumating." Hindi nila ginawa iyan, kita n'yo, kaya mas higit ang kanilang nalaman kaysa matali sa Kaniya, diyan. Ngunit sinabi Niya, "Sino sa inyo ang makakapagparatang sa Akin ng di-pagsampalataya? Kita n'yo? Hindi бага ginawa ko lang kung ano iyon?"

<sup>34</sup> At maging ang mga apostol, na kasa-kasama, ay natisod. Alam natin kung paanong ang Kasulatan ay nagpatuloy. At pagkatapos sa bandang huli, sa wakas, ang sabi nila, "Ngayon kami'y sumasampalataya. Kami'y sumasampalataya na walang taong kailangan pang magsabi sa Iyo, sapagka't alam Mo ang lahat ng mga bagay."

<sup>35</sup> Ngayon, gustong-gusto ko lamang na makita ang Kaniyang mukha. Marahil ay tumingin Siya sa kanila, sabi, "Buweno, sumasampalataya na ba kayo ngayon? Sa wakas ay luminaw sa inyo." Buweno, iya'y hindi ganyan sana, marahil, hanggang sa panahong iyan, kita n'yo. At ginagawa ng Diyos ang lahat ng mga bagay ng tama lamang, alam n'yo. Akong—minamahal ko Siya dahil diyan.

<sup>36</sup> Ngunit ngayon pinag-iisipan natin ang ating kapanahunan ngayon. Pagka't, kung ako'y magpapatuloy sa pagsasalita

tungkol diyan, hindi na tayo makakadako sa mga Tatak na ito, sa anumang paraan.

<sup>37</sup> At ngayon, alalahanin, ako'y nakakakuha ng maraming kahilingan para sa panalangin sa may karamdaman. At ako'y dumadalangin para sa . . . sa lahat ng sandali, para sa bawat kahilingan na nakukuha ko, at para sa mga panyo at mga bagay. At kung matatapos natin ang mga Tatak na ito, hanggang sa huling Tatak, sa Linggo ng umaga tayo'y . . . Kung ito'y kalooban ng Panginoon, nais natin na magkaroon ng isang mabuti't makalumang-paraan na gawain para sa kagalingan dito, alam n'yo na, kung saan inyong gugugulin ang buong umaga para sa panalangin sa may karamdaman. At ako'y—ako'y tiyak na iyan ay magiging isang kakaiba pagtitipon para sa kagalingan. Kita n'yo? Ako ay sadyang mayroong pakiramdam na ganiyan, kita n'yo. At kaya, hindi kakatwa, ngunit iyan ay maaaring maging kakaiba ng kaunti sa ilan, kita n'yo, ang ibig kong sabihin.

<sup>38</sup> Ngayon, gaano kadakila ang biyaya ng Diyos, upang ihayag ang Kaniyang mga lihim sa atin sa araw na ito! Ngayon, tayong lahat ay maniniwala na tayo'y nabubuhay sa huling araw. Pinaniniwalaan natin iyan. At tandaan, ang mga lihim ay kailangang mahayag sa huling araw. At paano Niya inihahayag ang Kaniyang Salita, ang Kaniyang mga lihim? Sabi ng Biblia. Nais n'yo bang basahin kung saan Niya sinabi iyan? Tayo'y magbukas at tingnan kung paano Niya inihayag ang Kaniyang mga lihim.

<sup>39</sup> Ngayon nais kong basahin ninyo ang Amos. Magbukas sa Aklat ng Amos, at nais kong kayo'y bumasa sa ika-3 talata ng Amos, at ang ika-7 kabanata. O sige. Babasahin ko ang ika-6 na talata, rin.

*Tutunog бага . . . ang isang trumpeta sa bayan, at ang bayan ay hindi matatakot? sasapit бага ang kasamaan sa bayan, at hindi ginawa ng PANGINOON?*

*Tunay na ang Panginoong . . . ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang mga lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.*

<sup>40</sup> Ngayon, sa mga huling araw, tayo ay . . . Iya'y naihula sa atin na may lilitaw na isang—isang propeta.

<sup>41</sup> Ngayon, alam natin na nagkaroon tayo ng lahat ng uri. Ngayon, napagtanto ko, pagkatapos na tumingin sa paligid ngayong gabi, ako—ako'y nangungusap dito kung saan ang mga mag-aaral ay nakaupo, at ako—ako'y nagnanais para sa inyo na ako'y maunawaan. At inyong napagtanto, nasasaklaw ng mga teyp na ito ang mundo, kita n'yo, halos ang buong mundo. At nais kong kayo ay huwag, kahit sa anumang paraan, mag-isip na ako ay nagsisikap na magturo ng ilang uri ng isang—isang kulto ng mga lambong o balabal ni Elias. At lahat—lahat ng mga bagay na

iyang, marami sa mga iyon ang mayroon tayo. Ngunit, alam n'yo, lahat ng mga bagay na iyan ay isang tagapagpauna lamang ng tunay na bagay na darating, upang lituhin ang mga tao.

<sup>42</sup> Alam ba ninyo na mayroon tayong mga bulaang—bulaang mga lider na babangon, bulaang mga mesiya, bago dumating si Cristo? Hindi ba, hindi ba ang . . . Ang tagapagturo ng araw na iyon, ang dakilang tagapagturo, si Gamaliel, nang ang— ang katanungan ay lumabas tungkol sa pananakit sa mga taong ito, at iba pa, sinabi niya, “Pabayaang n'yo sila. Kung iya'y sa Diyos, aba, kayo ay masusumpungang sumasalangsang laban sa Diyos. Ngunit kung iya'y hindi sa Diyos . . .” Sabi, “Hindi ba isang tao ang nagbangon, hindi pa katagalan ang nakalipas, at kumuha ng apat na raan sa ilang, at kung ano-ano pa? Mayroon tayo ng mga bagay na iyan.” Ano iyan? Lahat ay tagapagpauna ng tunay na Bagay kapag Ito ay dumating.

<sup>43</sup> Ngayon, kita n'yo, ibinangon ni Satanas ang mga yon. Bantayan ang katusuhan ng taong ito na pinag-uusapan natin dito, si Satanas, kung saan atin siyang inihahayag mismo rito; sadyang lubos na inilalantad siya, sa pamamagitan ng mga Kasulatan, at pinababayaang makita n'yo kung sino siya. Iya'y kung ano ang . . . kung ano ang dapat na mangyari.

<sup>44</sup> At, tandaan ninyo, hindi niya sinubukang pumasok at maging isang komunista, hindi sinubukan ni Satanas. Siya'y isang anti-cristo. “Napakalapit, na,” sabi ni Jesus, “dadayain ang pinakaHinirang . . .” At iya'y Yaong mga naitago rito sa mga Tatak na ito, na ang kanilang mga pangalan ay nasa Aklat na mula pa nang itatag ang sanlibutan.

<sup>45</sup> Siya ay isang tusong tao. At kapag nakita niya ang bagay na ito na dumarating, paparating na, kung gayo'y ibabato niya lahat ng bagay na kaniyang magagawa roon, upang guluhin ito bago iyon makarating doon. Alam n'yo ba na magkakaroon ng mga bulaang Cristo na magsisilitaw sa mga huling araw? Iyan ay kailangang sumunod kaagad pagkatapos nito, matapos ang dakilang Mensaheng ito na sasalitain ng kapatid na lalaking ito, na talagang darating, at mapapahiran sa espiritu ni Elias, kaagad-agad.

<sup>46</sup> At mapagkakamalan nila siya. Ang ilan sa kanila ay iisiping siya ang Mesiya. Ngunit mahigpit na sasabihin niyang, “Hindi.” Sapagka't, ito'y kailangang dumating papasok tulad ni Juan.

<sup>47</sup> Sa panahon ni Juan Bautista, nang siya'y lumabas doon upang mangaral, ang sabi nila sa kaniya, “Hindi ba ikaw ang Mesiya? Hindi ba ikaw Siya?”

<sup>48</sup> Sinabi niya, “Hindi ako. Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng Kaniyang mga pangyapak. Ngunit ako—ako'y nagbabautismo sa inyo sa tubig, ngunit Siya'y magbabautismo sa Espiritu Santo.” At si Juan ay tiyak na tiyak na Siya'y



nasa lupa, sinabi niya, “Siya ay kasama ninyo, kung saan man, ngayon.”

<sup>49</sup> Ngunit hindi niya Siya nakilala hanggang sa kaniyang makita ang tandang iyan na bumaba sa Kaniya. Pagkatapos, nang kaniyang makita ang Liwanag na iyan na bumababa at kumalat na tulad ng isang kalapati, at bumaba sa ibabaw Niya, sinabi niya, “Hayun Siya. Iya’y Siya.” Ngunit si Juan lamang ang tanging isang nakakita Niyon, alam n’yo. Si Juan lamang ang tanging isang nakarinig ng Tinig. Ang lahat ng iba sa kanila roon, walang nakarinig Niyon.

<sup>50</sup> Ngunit pagkatapos kapag ang tunay, totoong lingkod ay dumating; kasama ang lahat ng panggagaya niyan, iya’y para guluhin ang isipan ng mga tao. Ginawa iyan ni Satanas. At sila na hindi makakilala ng tama mula sa mali, sila ay natitisod lamang dito. Ngunit hindi iyan gagawin ng mga Hinirang; sinabi ng Biblia na hindi niya makakayang dayain ang mga Hinirang. At ngayon, bago ang Pagdating ni Cristo, sabi ng Biblia, “Magkakaroon ng mga bulaang cristo na magsisilitaw, at mag-aangkin na Cristo, at magsasabing, ‘Narito, ang sabi ng mga tao na Siya ay nasa ilang.’ Huwag paniwalaan iyan. ‘Narito, Siya’y nasa lihim na silid’ Huwag paniwalaan iyan.”

<sup>51</sup> “Sapagka’t kung paanong ang araw ay sumisikat mula sa silangan patungong kanluran, ay gayun din ang Pagdating ng Anak ng tao.” Kita n’yo? Oo, Siya’y—Siya’y—Siya’y magpapakita, at ito’y magiging bagay na pang-buong mundo. At ngayon iyan ay magiging, ngayon, siyempre, kapag kanilang natuklasan na may bagay na naganap, kita n’yo, pagkatapos sila’y... Ngayon, tandaan, iyan ay magaganap kaagad makaraan ang Pag-uwi ng Iglesya, pagkaraan ng Pag-agaw.

<sup>52</sup> Ngayon magkakaroon ng mga bulaang pagkukunwari, sa lahat ng panahon, at hindi natin nais na magkaroon ng kaugnayan sa anumang bagay na tulad niyan. Hindi, ginoo.

<sup>53</sup> At ako ay naniniwala, kapag ang tao ay dumating, ang isang ito na inihulang darating, ipinapakita ko lamang ito sa pamamagitan ng mga Kasulatan, na ang tao ay kailangang maging isang propeta. Tiyak na siya nga’y magiging gayon. At ang kapahayagan ng Diyos, sapagka’t ang Diyos... Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa Kaniyang mga propeta. Iya’y eksaktong tama. Iya’y... At ang Diyos ay hindi maaaring magbago, kita n’yo. Kung Siya ay mayroong isang mas magandang sistema, Kaniya—Kaniya na sanang ginamit iyon. Ngunit Siya—Siya ay mayroong... Kaniyang pinili ang pinakamainam na sistema sa pasimula.

<sup>54</sup> Tulad lamang ng, maaari Niyang piliin sana ang araw upang mangaral ng Ebanghelyo. Maaari Niyang piliin ang buwan. Maaari Niyang piliin ang—ang hangin. Ngunit Kaniyang

pinili ang tao. At hindi Siya kailanman namili ng mga grupo. Indibidwal! Kita n'yo?

55 At wala kailan man ng dalawang pangunahing propeta sa lupa sa iisang panahon. Kita n'yo, bawat tao ay magka-iba, mayroon siyang ibang pagkakagawa. Kung makakakuha ang Diyos ng isang tao, iyan lamang ang Kaniyang kailangang makuha, mismo sa Kaniyang kamay, magagawa Niya ang anumang naisin Niya. Kailangan lamang Niyang magkaroon ng isa. Sa mga araw ni Noe; mga araw ni Elias; mga araw ni Moises.

56 Marami ang nagbangon, sa panahon ni Moises. Alam ninyo kung paano sila gumawa, at nagnais na sabihing, "Buweno, hindi lamang ikaw ang nag-iisang banal sa grupo," at—at si Dathan at—at si Korah.

57 At ang sabi ng Diyos, "Basta't ihiwalay mo ang iyong sarili. Bubuksan Ko lamang ang lupa at ganap silang lalamunin." Kita n'yo? At—at kaya. . .

58 At pagkatapos ang mga tao ay nagsipagreklamo. Sinabi Niya, "Akin na lamang—Akin na lamang aalisin ang buong bagay."

59 At doon ay kinuha ni Moises ang lugar ni Cristo, pagkaraan, upang ilagay ang kaniyang sarili sa pagitan, at sinabing, "Huwag Mong gawin iyan, Panginoon." Kita n'yo? At, siyempre, siya. . . Matapos Niyang italaga si Moises na gawin ito, Hindi Niya binalingan si Moises, sapagka't siya ay gumaganap na tulad ni Cristo sa panahong iyon. Iyon ay si Cristo kay Moises. Ganap.

60 Ngayon, tayo'y labis na nagagalak sa araw na ito sapagka't inihahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa atin. At ako ay naniniwala na ang dakilang Araw ay nagsisimula pa lang na magbukang liwayway, mag-uumaga. Ang mga Liwanag ay nagpasimula nang kumislap. Ang mga ibon ng paraiso ay nagpasimula nang umawit sa puso ng mga banal. Alam nila na hindi na magtatagal ngayon. May bagay na magaganap, na kailangang maganap. Kaya kung "Hindi Siya gagawa ng anumang. . ."

61 Ngayon, lahat ng Kasulatan ay kinasihan. Ang mga Kasulatan ay kailangang maging ganap na Katotohanan. Wala ng ibang paraan pa. Doon ay kung saan ako ay naiiba sa mga kaibigan natin, ang iglesya Katolika. Ako'y naniniwalang iyan ay hindi isinulat sa pamamagitan ng kung sinong tao lamang. Ako'y naniniwalang Iyan ay kinasihan ng Espiritu Santo. At lahat ng mga mumunting bagay na ito na naidagdag, sinikap na idagdag Dito; inyo bang napansin, sa paglulutas sila'y pinalayas, sila ay sinipa bawat isa.

62 At itong mga tunay, mga tunay na Kasulatan ay nagkatugma-tugma, sa bawat isa, hanggang sa—walang pagsasalungatan sa kanila, wala kahit saan. Magpakita kayo sa akin ng isang piraso ng literatura na maaring—na

maaring makapagsulat ng isang talata, mahirap, na hindi magkakasalungatan sa kaniyang sarili, o sumulat—sumulat ng isang talata, o dalawa. At hindi sinasalungat ng Biblia ang Sarili Nito, saanman. Nabasa ko na sinabi iyan ng mga matatandang kritiko, ngunit ako ay may isang alok sa kaniya sa mahabang panahon, na ipakita sa akin kung saan iyan naroroon. Wala iyan dito. Iya’y dahil lamang na ang kaisipan ng pantao ay lito. Ang Diyos ay hindi lito. Alam Niya kung ano ang Kaniyang ginagawa. Alam Niya.

<sup>63</sup> Tingnan, kung hahatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang iglesya, tulad ng sinasabi ng iglesya Katolika na ito’y ganoon nga, o sige, kung gayo’y anong iglesya iyan? Tingnan n’yo lamang ang mga iglesyang mayroon tayo. Mayroon tayong siyam na raan at ilan pa, magkakaibang organisasyon ng mga iglesya. Ngayon paanong... Ang isa’y nagtuturo ng paraang *ito*, at ang isa’y *ganoong* paraan. Anong kaguluhan, pagkatapos, ang sinuman ay gagawa na lamang ng anumang naisin nilang gawin, magpatuloy ka kahit papaano. Kailangang magkaroon ang Diyos ng isang pamantayan, at iya’y ang Kaniyang Salita.

<sup>64</sup> Sa pakikipag-usap... Hindi sa pambabato sa Katoliko, ngayon, ‘pagka’t ang—ang Protestante ay sadyang kasing sama. Ngunit sa pakikipag-usap sa isang pari, sinabi niya, “Ginoong Branham,” aniya, “Ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesya.”

<sup>65</sup> Sabi ko, “Ginoo, ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita. At Siya ang Salita.” Oo, ginoo.

Sinabi niya, “Buweno, Siya’y nasa... Ang iglesya ay hindi maaaring magkamali.”

<sup>66</sup> Sabi ko, “Hindi Niya sinabi iyan. Ngunit sinabi niya na ang Salita ay hindi maaring magkamali.”

<sup>67</sup> Sinabi niya, “Buweno, itinuro namin dati ang bautismo sa ganiyang paraan, at iba pa.”

Sabi ko, “Kailan?”

Sabi, “Noon sa mga sinaunang araw.”

Sabi ko, “Pinapayagan mo ba iyan bilang ang iglesya Katolika?”

Sabi niya, “Oo.”

<sup>68</sup> Sabi ko, “Kung gayon, Ako’y Katoliko, makalumang Katoliko. Ako’y naniniwala sa makalumang pamamaraan. Kayong mga tao ngayon ay ginulong lahat ng Ito, at halos wala ng anumang bagay sa Kasulatan ang inyong itinuturo. Pamamagitan sa mga kababaihan at mga patay na tao, at lahat ng iba pang mga bagay na ito, at, oh, naku, hindi-pagkain-ng karne, oh, naku, hindi ko alam kung ano lahat, kita n’yo.” Sabi ko, “Hanapin mo iyan sa Kasulatan para sa akin.”

69 Sabi niya, “Hindi Iyan kailangang naroroon. Hangga’t sinasabi ng iglesia na ganyan, iyan na ’yan. Walang kaibahan kung anong sinabi niyan, iya’y ang iglesia.”

70 Sabi ko, “Sabi ng Biblia, na, ‘Sinuman na magdagdag ng isang salita Rito, o magbawas ng Isa, ang kaniyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay.’ Kaya, iya’y ang Salita! Ako’y naniniwala sa Salita.”

71 Ngayon, at, kung gayon, kung sinabi ni Amos, at ang ibang Kasulatan ay umaayon diyan, na kung . . .

72 At inyong tandaan, na rito, atin lamang tinatalakay ang mga mahalaga Niyon. Sadyang, naku, kung . . . Nang ako ay pumunta sa silid na iyan doon, at—at ang Pagpapahid na iyon ay pumasok, kung maisusulat ko kung ano ang Kaniyang . . . kung ano lahat ang nangyayari, ako’y mananatili rito sa loob ng tatlong buwan sa isa sa mga Tatak. Kaya talakayin lamang ang mga dako at pabayaang Itong lumabas, sadyang kung sa paanong paraan marahil ito na parang hindi mabubulunan ang mga tao. Ngunit, gayun pa man, hindi masyado upang saktan sila, ngunit sadyang upang, maniwala, iya’y—iya’y magbibigay ng lasa sa bagay. Alam n’yo na ang ibig kong sabihin.

73 Ngayon, masdan ito ngayon, kung “Hindi gagawa ang Diyos ng anumang bagay,” sabi ni Amos, “kundi una ay Kaniyang ihahayag iyan sa Kaniyang mga lingkod na mga propeta.” At, pagkatapos, nakikita natin kung ano ang Kaniyang ginagawa. Ito ay dapat na Siya’y naghahanda upang gumawa ng isang bagay, kung ano ang Kaniyang inihahayag ngayon. Ang Diyos ay naghahanda nang kumilos sa kaganapan, sa paghuhukom, ako’y naniniwala. Siya’y naghahanda nang gumawa nang ilang bagay. At isang bagay muli, iyan ay tunay na nagpapatunay, na tayo ay nasa mga huling araw na. Tayo ay nasa katapusan na ng kapanahunan, ang Kapanahunan ng Iglesia ng Laodiea ngayon, sapagka’t ang mga bagay na ito ay ihahayag lamang sa huling araw.

74 Ngayon, isipin lamang iyan ngayon. Tayo’y sadyang—sadyang magsumikap na patagusin kung ano ang pinaniniwalaan natin na ipaaalam sa atin ng Espiritu Santo.

75 Ngayon tandaan, “Walang bagay na ihahayag; ang Diyos ay walang gagawin, at lahat na, hanggang ang una ay Kaniyang ihahayag iyan sa Kaniyang mga lingkod, na mga propeta.” At bago Siya gumawa ng anumang bagay, inihahayag Niya ito. At kapag inihayag Niya iyan, maaalala n’yo ito, mayroong isang bagay na paparating. Kita n’yo, ito’y naihayag.

76 At ang mga bagay na ito na pinag-uusapan natin ay maihahayag sa huling araw, bago ang huling Trumpeta, sa katapusan ng Mensahe ng huling kapanahunan ng iglesia. Iya’y tama. Kung nais n’yong basahin iyan ngayon, maaari kayong magbukas sa . . . Kayo’y, tinukoy ko sa inyo, kagabi, ng tatlong

beses, ang Apocalipsis 10:1-7, kita n'yo. "At sa mga araw ng pagtunog ng Mensahe ng ikapitong anghel, ang hiwaga ng Diyos ay mahahayag at tapos na." At mayroon na lamang isang bagay na natitira. Kapag ang Aklat na ito na may pitong tatak ay nabuksan, kung gayo'y ang buong hiwaga ng Diyos. . .

<sup>77</sup> Aba, tayo'y masusing nagsiyasat Dito, sa loob ng mga taon. At batay sa Kasulatan, pagkatapos, tayo. . .Walang paraan upang mapag-unawa Ito hanggang sa araw na ito, sapagka't Ito'y naitago. Nakita natin ang simbolo, kung sa paanong paraan Ito isina-simbolo, ngunit hindi Ito magagawang maihayag ng tama hanggang sa huling araw. Kita n'yo? Ngayon, kung gayon, tayo ay dapat na naroon, sa—sa huling kapanahunan.

<sup>78</sup> Ngayon, tandaan. Huwag. . .At huwag kalimutan ngayon, na, "Wala Siyang gagawing anumang hanggang sa ihayag Niya ito." At huwag kalilimutan, din, na ginawa Niya ito sa gayon na lamang kasimpleng paraan, na, "Ang mga pantas at ang matatalino ay 'di ito nakita." Ngayon, kung nais ninyong markahan iyan, iya'y Mateo 11:25-26. At, tandaan, "Wala Siyang gagawing anumang hanggang sa ihayag Niya ito." At inihayag Niya ito sa gayon na lamang paraan na ang mga matatalino, edukadong tao ay 'di ito nakita. Tandaan, iyon ay ang karunungan na ninais ng sanlibutan sa halip na ang Salita, nang ang unang kasalanan ay magbunga kung ano ang ginawa nito. Huwag kalilimutan iyan ngayon. Aba, gaano tayo nararapat na magpasalamat, ang isipin iyan!

<sup>79</sup> Ngayon tumingin lamang sa mga bagay na nagaganap! Tingnan ang mga bagay na sinabi Niya sa atin! Tumingin dito sa tabernakulong ito, kayong mga tao na pinalaking kasama namin. Ngayon hihilingin ko ang mga teyp. . .Buweno, ipagpatuloy, i-teyp ito. Ngunit, tingnan, akin lamang sasabihin ito sa mga tao dito sa tabernakulo, kayo na dati na rito. Ipinagbibilin ko sa sinuman sa inyo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na huwag na huwag gagalaw ng isang bagay, sa mga daan-daang bagay na nasabi na bago sila maganap, at sabihing sila'y 'di naganap. Magsabi kayo sa akin ng isang pagkakataon, sa entablado, sa dako roon, saan man iyan, na Siya'y nangusap ng anumang bagay na hindi ganap na talagang tamang-tama sa gayong paraan. Paano? Maari bang ang kaisipang pantao ay maging sa ganiyang paraan? Tiyak na hindi.

<sup>80</sup> Nang Siya ay lumitaw doon sa ilog, tatlumpu't-tatlong taon na ang nakaraan nitong darating na Hunyo, sa anyo ng isang Liwanag! Kayong mga matagal na'y naaalala pa ba na sinabi ko sa inyo, mula pa sa pagiging batang lalaki, ang Tinig na iyan at ang Liwanag na iyon. At inisip ng mga tao na, bagay na para bang wala sa sariling katinuan. Siyempre, malamang iisipin ko ang gayun ding bagay, mayroong nagsabi niyan. Ngunit ngayon ay hindi n'yo na kailangang magtaka pa tungkol Diyan ngayon. At ang Iglesya ay hindi nagtaka mula pa nang 1933, doon sa ilog

noong araw na iyan, kung saan ako'y nagbabautismo ng daan-daang tao!

<sup>81</sup> Natatandaan ko na sinabi sa akin ng batang lalaking Marra na iyon na, sabi, "Ilulubog mo ang mga taong iyan, Billy?" Ang munting Jim Marra sa dako rito, palagay ko siya'y patay na ngayon. Palagay ko siya ay napatay roon; may babaeng bumaril sa kaniya. Ngunit siya—siya'y nagtanong sa akin, "Ika'y bababa't ilulubog mo ang mga taong iyan?"

<sup>82</sup> Sabi ko, "Hindi, ginoo. Babautismuhan ko sila sa Pangalan ng ating Panginoong Jesus."

<sup>83</sup> At mayroong isang babae na sumama sa grupo. Sinabi niya sa isa pang babae, sabi niya . . . gumawa ng isang pagpuna, isang bagay tungkol doon. Sinabi niya, "Buweno, ayos lang sa akin ang mailubog." Sabi, "Iya'y ayos lang. Balewala sa akin."

<sup>84</sup> Sabi ko, "Bumalik ka at magsisi. Hindi ka karapat-dapat na mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo." Kita n'yo?

<sup>85</sup> Ito ay hindi anumang bagay upang paglaruan. Ito'y ang Ebanghelyo ni Cristo, inihayag sa pamamagitan ng isang komisyon, ang Salita. Lamang, ngayon, kung nagsasabi kayong, "Walang kabuluhan at kalokohan," maaaring nailagay n'yo ito sa iba pang lugar. Ngunit, alalahanin, ito'y naipangako sa Salita na ito ay magaganap, at sadyang tamang-tama kung magiging ano nga ito. At heto na iyan.

<sup>86</sup> Pagkatapos, doon sa araw na iyon noon, nang sila ay nakatayo sa may ilog! At ang Anghel ng Panginoon, na sinabi ko sa inyo na ito'y parang isang—parang isang bituin o isang bagay sa kalayuan, pagkatapos Ito'y lumapit, at sinabi ko sa inyo kung paano ang itsura ng Liwanag. At Ito'y dumating, mismo sa ilog kung saan ako nagbabautismo.

<sup>87</sup> Nang, ang mga negosyante rito sa siyudad, ay nagsabing, "Anong ibig sabihin niyan?"

<sup>88</sup> Sabi ko, "Hindi iyan para sa akin. Iyan ay para sa inyo. Ako'y naniniwala. Kita n'yo? Iyan ay para sa inyong kapakanan, na ginawa iyan ng Diyos, upang ipaalam sa inyo na sinasabi ko sa inyo ang Katotohanan." Sa pagiging isang bata, isang batang lalaki, mga ganoon, at mga dalawampu't-isang taong gulang, kanilang—kanilang hindi mapaniwalaan iyan, kita n'yo, sapagka't iya'y talagang masyadong labis para sa isang bata. At kaya nga iniisip ko . . .

<sup>89</sup> Si Kapatid na Roberson dito, isa sa mga katiwala natin, nakita ko siya rito mga ilang minuto ang nakalipas. Sinasabi niya sa akin noong isang araw na siya'y nasa Houston nang kunan ng larawan doon, na inyong nakita. At ako ay . . . Sa debateng iyon, ako'y nagpasimulang magsabi ng ilang bagay tungkol doon, noong isang gabi. Si Kapatid na Roy ang tanging . . . kasama ang isa pang tao, ay ang tanging tao sa grupo

na mayroong rekorder. Ito ay isa sa kanilang makalumang mga rekorder. Nakita ko na si Kapatid na Roberson ngayon, at ang kaniyang asawa. Kaya, at—at itong, si Ginang Roberson ay may sakit.

<sup>90</sup> Si Kapatid na Roy ay isang beterano. At ang kaniyang mga binti ay sumabog, at inilabas nila siya na inakalang patay na siya. Siya ay isang opisyal sa—sa Army. At tinamaan ng isang German eighty-eighth ang tangkeng ito na sinasakyan niya, at halos pinatay niyon ang tao, at halos pinasabog siya ng pira-pirasong. Inilabas nila siya, inakala na siya'y patay na, ng mahabang oras. At sabi nilang hindi na siya kailanman makakalakad, sapagka't ang dalawang paa ay malubha, ang mga ugat na naroon sa kanila, at mga bagay. Naku, halos mapag-iwanan pa niya ako sa paglakad.

<sup>91</sup> Ngunit ano iyon? Mayroong bagay na kaniyang nakita, at siya'y nagpunta sa Houston. At may sinasabi siya sa akin tungkol sa kaniyang asawa. At dala niya ang—dala niya ang rekorder; iaayos niya iyan sa isang teyp. At kapag natapos na ang mga serbisyo sa banda rito, buweno, ipaparinig niya iyan para sa inyong lahat, umaasa ako. At sa lumang rekorder doon, nakuha niya ang mga serbisyo ko na ginanap sa Houston. At pagkatapos ang kaniyang asawang babae, sabi niya, ay nakuha iyan doon, at hindi niya napansin iyan hanggang noong isang araw.

<sup>92</sup> Siya ay, oh, siya ay napakalungkot. Siya ay may karamdaman, at nagnanais siyang makapunta sa hanay ng pananalangin. Hindi nila ako kilala kailanman, at ni hindi ko pa sila nakikita sa buhay ko. Kaya siya ay nakaupo sa isang—isang bintana nang araw na iyon, nakatingin sa labas, at pagod na pagod, alam n'yo, at balisa, at nagnanasa na siya'y makukuha ng isang tarheta ng panalangin, upang makapunta sa hanay.

<sup>93</sup> At, nangyari na, nang gabing iyon ay nakapunta siya sa hanay, o nang sumunod na gabi, o ganoon. Ako'y naniniwala, nang gabi ring iyon. At siya'y nakasama sa hanay. At nang siya ay umakyat sa entablado, sinabi sa kaniya ng Espiritu Santo, sabi, “Ngayon, hindi ka tagarito. Ikaw ay nagmula sa isang siyudad na tinatawag na New Albany.” At sinabi niya, “Ikaw ay nakaupo sa isang bintana ngayong araw na ito, tumitingin sa labas, at nag-aalala tungkol sa pagkuha ng isang tarheta sa panalangin.” Naroon iyon, sa teyp, mga taon na ang nakakalipas.

<sup>94</sup> At pagkatapos sa simula ng pagtitipon, nang ang Espiritu Santo ay naroon. . . Iyon ang una sa mga pagtitipon. Kami ay mayroon lamang halos tatlong libong tao, pagkatapos kami ay naging walong libo, pagkatapos sa halos mga tatlumpung libo. Kaya pagkatapos sa. . . Habang ako'y nangungusap sa. . . Isa sa mga pinakaunang pagtitipon, sabi ko, “Hindi ko alam kung bakit ko ito sinasabi.” Ngayon, ito'y nasa teyp. “Ngunit,

ito'y, tayo ay. . . Ito ay magiging isa sa mga pinaka mahalagang panahon ko. Mayroong bagay na mangyayari sa panahon ng pagtitipong ito, iya'y magiging higit na dakila kaysa nakita na ng sinuman."

<sup>95</sup> At iyon ay mga walo o siyam, sampung gabi matapos iyon, nang ang Anghel ng Panginoon ay nagpakita sa harapan ng mga tatlung libong mga tao, at bumaba, at nakunan ng litrato. Naroon Ito, mismo ngayon, na binigyan ng karapatang maipalathala sa Washington, D.C., bilang ang tanging supernatural na Katauhan na nakunan na ng larawan sa mundo.

<sup>96</sup> Pagkatapos ako ay nangusap tungkol sa, alam n'yo na, sinasabi na minsan, sa ilalim ng pagkilala, sabihing, "Ang isang tao ay nalililiman sa kamatayan. Mayroong isang maitim na talukbong, ng isang anino. Sila'y nalalapit ng mamatay."

<sup>97</sup> At pagkatapos banda rito sa East Pines, o Southern Pines, ako'y naniniwalang iyan nga, sadyang nang ako ay naroroon sa huling pagtitipon. Isang munting dalaga ang nakaupo roon, at May Bagay na nagsabi sa kaniya, "Kunan ng larawan iyan, madali," nang ako ay nangungusap sa isang babae. At hayun nga ito. Palagay ko iyan ay ilalagay sa talaan ng mga ulat; naroon, sa loob ng ilang panahon. Naroon ang maitim na talukbong na iyan na nakabitin sa itaas mismo ng babae.

<sup>98</sup> Kinunan niya muli ng panibagong litrato, kaagad-agad nang sabihin ito ng Espiritu Santo. Ito ay wala na. Sabi, "Ikaw ay gagaling na. Pinagaling ka na ng Panginoon. Wala na ang kanser." At naroon nga iyan. At siya'y pinagaling. Kita n'yo. Hayan ka na. Kita n'yo?

<sup>99</sup> Ipinapakita lamang niyan na alam ng Diyos kung ano na ang oras ng araw. Hindi natin alam. Kailangan lamang nating sumunod sa Kaniya.

<sup>100</sup> Ngayon maaaring tayo'y magpatuloy sa pagsasalita, ngunit tayo'y dumako na rito ngayon, sandali lamang, at balikan itong dating Tatak, upang maitulay natin ang isang Ito rito. Ngayon, bilang isang pagbabalik-aral, sa ilang san-. . . mga ilang sandali, ang—ang isa pa, ang Unang Tatak.

<sup>101</sup> Napansin natin, sa pagbubukas ng Unang Tatak, si Satanas ay mayroong isang—isang super, relihiyosong tao. Napansin ba ninyo ang mangangabayong iyan ng maputing kabayo? Na, sila, iyan ay ipinagpalagay na iyon nga ay isang. . . ang sinaunang Iglesya na lumabas; ngunit, oh, naku, iyan ay naituro sa loob ng maraming mga taon, ngunit hindi iyan maari. Masdan n'yo lamang kapag ang iba sa kanila, kapag napagtulay na natin sila ng sama-sama, pagkatapos ay tingnan kung saan iyan naroon, kita n'yo. Ngayon, at hindi ko alam kung magiging ano ang iba sa kanila, hindi pa. Ngunit alam ko na kailangan itong dumating na sadyang walang kamali-mali riyon, sapagka't ito'y



ang Katotohanan. Ito'y ang Katotohanan. Iyan ang herarkiya ng iglesya ng Roma, tamang-tama.

<sup>102</sup> Ang mga taong ito na nag-aakala na ang mga Hudyo ang mga anti-cristo, sila ay tunay na isang milyong milya ang layo ng lihis sa linya. Huwag na huwag ninyong iisipin na ang mga Hudyo ang siyang anti-cristo. Ang kanilang mga mata ay binulag, sinadya, upang tayo'y magkaroon ng isang daan para makapasok, binibigyan tayo ng isang pagkakataon ng pagsisisi.

<sup>103</sup> Ngunit ang anti-cristo ay isang Gentil. Tiyak. Ito ay isang tagapagpanggap ng Katotohanan; *anti*, “laban.” Ngayon, itong tanyag, superman, oh, paano siya naging isang tanyag na tao, at— at pagkatapos sa kahuli-hulihan ay nailuklok. At pagkatapos, makaraang mailuklok, siya ay kinoronahan. At ngayon, siya, pagkatapos niyan, siya ay sinamba sa halip na ang Diyos.

<sup>104</sup> Ngayon, tingnan, bago pa iyan dumating. May nais akong itanong sa inyo. Sino iyan? Ano Iyon na nakay Pablo, sa Ikalawang Tesalonica 2:3, na nagsabi na darating ang taong iyan? Bakit tumingin ang taong iyan sa pagpapatuloy ng kapanahunan at nakita iyan? Siya ay propeta ng Diyos. Tiyak. Bakit nga . . .

<sup>105</sup> Sinabi niya, “Hayag ang sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon sila’y magsisilayo mula sa pananampalataya, at susunod sa mga mapanghikayat. . .” Alam ninyo kung ano ang *mapanghikayat*. Isang mapanghikayat na espiritu sa iglesya, iyan ay pamunuan ng simbahan. “Mapanghikayat, klerong espiritu, mga kagagawan ng mga diablo; mga pagkukunwari sa iglesya.”

<sup>106</sup> “Mapagmataas, palalo,” karunungan, kita n’yo, matalino, marunong; “na mayroong isang anyo ng kabanalan.” (Tumutungo lamang, sinasabing, “Buweno, kami ay mga Cristiyano; dapat kaming pumunta sa simbahan.”) “Mayroong isang anyo ng kabanalan, ngunit itinatangi ang mga kapahayagan, ang Kapangyarihan at ang gawa ng Espiritu; lumayo mula sa mga gayon.” Kita n’yo? Ngayon pansinin, sinabi niya, “Sapagka’t ito ang uri na magtutungo mula sa bahay-bahay patungo sa isa pang bahay, at pangungunahan ang mga hangal na babae. . .” Hindi iyan nangangahulugan na mga kababaihang nay Espiritu Santo. “Mga hangal na kababaihang pinangunahan palayo ng mga iba’t-ibang masasamang pita.”

<sup>107</sup> Iba’t-ibang pita! Nais lamang nila na makapasok sa bawat maliit na bagay na magagawa nilang mapasukan, at lahat ng mga uri ng mga samahan; at mamuhay anumang paraan na gusto nila, at, manatili, “Kami’y pumupunta sa simbahan. Kami ay kasing buti lamang ng kahit sinong tao.” Mga sayawan, mga kasayahan, pinuputol ang kanilang buhok, nagmemeyk-up, manamit ng anumang bagay na nais nila; at nanatiling, “Kami’y mga—kami’y mga Pentekostal. Kami’y— kami’y kasing

buti lamang ng sinumang tao.” Oh! Ipinakikila ka ng iyong sariling mga gawa. Pansinin.

108 Ngunit sinabi niya, “Mga taong liko ang kaisipan, tungkol sa Katotohanan.” Ano ang Katotohanan? Ang Salita, na si Cristo. “Tungkol sa Katotohanan.”

109 “Oh, ginagawa mong. . . Ikaw, ika’y isang tagapagtaboy ng mga kababaihan. Ikaw ay isang namumuhi sa mga kababaihan. Ginagawa mo *ito, iyan.*”

110 Hindi, ginoo. Iya’y hindi tama. Iya’y isang-isang kabulaanan. Hindi ko kinamumuhian ang mga kababaihan. Hindi, ginoo. Sila’y mga kapatid ko na babae, kung sila ay mga kapatiran. Ngunit ang bagay na aking. . .

111 Ang pag-ibig ay mapagtuwid. Kung hindi ito mapagtuwid, hindi ito pag-ibig. Kung ito nga, kung gayon, kung ito’y pag-ibig, ito’y—ito’y makataong pag-ibig at hindi maka-Diyos, sasabihin ko sa inyo iyan. Maaaring sila ay magkaroon ng isang munting makataong pag-ibig para sa ilang kaaya-ayang tingnan na dalaga. Ngunit ang maka-Diyos na pag-ibig ay kakaibang bagay, iya’y isang pag-ibig na itinutuwid ang bagay, at kakatagpuin ang Diyos doon kung saan tayo’y maaaring mabuhay Magpasawalang Hanggan. Kita n’yo? Hindi ko ibig sabihin iyan, marahil, sa paraan na paganiyan sa pandinig, ngunit ako’y. . . Alam ninyo ang aking—aking. . . Sana ay inyong naunawaan. O sige.

112 Ngayon, ngunit, alalahanin, sinabi niya, “At kung paanong si Janes at si Jambres ay nagsilaban kay Moises, ay gayon din naman sila. Ngunit ang kanilang kahangalan ay agad mahayag.”

113 Bakit? Nang si Moises ay nautusang gumawa ng ilang bagay na tila radikal, ngunit, siya’y tumungo roon na kasing tapat ng kaniyang maaring gawin. At sinabi ng Diyos sa kaniya na kunin ito, itong tungkod, at ihagis iyon sa baba, at iyon ay magiging ahas. Kaya, ginawa Niya iyon, upang ipakita sa kaniya kung papaano gaganapin nito. At sa harap ni Paraon, tumayo siya roon ng sadyang tulad ng iniutos sa kaniya ng Diyos, at inihagis sa baba ang tungkod, at ito ay naging ahas.

114 At walang pag-aalindangan, sabi ni Faraon, “Isang mumurahing daya ng mahikano!” Kaya siya’y tumungo at kinuha ang kaniyang Janes at Jambres. Sabi, “Magagawa namin ang mga bagay na iyan, din.” At inihagis niya sa baba ang tungkod, at sila’y naging mga ahas.

Ngayon anong magagawa ni Moises?

115 Ano nga iyon? Ito’y isang pagpapakita na, bawat tunay na bagay ng Diyos, ay mayroong isang taga-gaya ang Diablo para rito. Sila’y gumagaya, upang iligaw ang mga tao palihis sa daan.

116 Anong ginawa ni Moises, sabi, “Buweno, palagay ko’y ako ay nakagawa ng isang pagkakamali. Mas mabuting ako ay

bumalik”? Nanatili lamang siyang nakatayo, sapagka’t tinupad niya ang kaniyang komisyon, bawat letra.

<sup>117</sup> Pagkatapos, ang unang bagay alam n’yo, kinain ng ahas ni Moises ang isa pa. Kita n’yo? Naisip n’yo ba kung anong nangyari sa isa pang ahas na iyon? Saan ito napunta? Pinulot ni Moises ang tungkod at lumabas na kasama nito. Gumawa siya ng mga himala kasama nito. At ang ahas na iyon ay nasa loob ng isa pang tungkod na ito. Kita n’yo? Iya’y kamangha— mangha. Hindi ba? Opo, ginoo.

<sup>118</sup> Ngayon, ang anti-cristo ay nagiging maliwanag, unti-unti. Nais kong pansinin n’yo ito. Ngayon, kapag inyong narinig. . .

<sup>119</sup> Ngayon, sa mga kaibigan kong Katoliko, manatili lamang kayong nakaupo sandali, at ngayon; at pagkatapos ay titingnan natin kung nasaan ang mga Protestante; kung nasaan tayong lahat, kita n’yo.

<sup>120</sup> Pansinin, ang unang iglesya, nang sabihin ng iglesya Katolika na sila ang una, ang orihinal na iglesya, sila ay eksaktong tama. Sila nga. Sila ay nagpasimula sa Pentecostes. Diya’y kung saan nagpasimula ang iglesya Katolika. Ngayon, ako dati ay hirap na paniwalaan iyan, hanggang sa mabasa ko ang kasaysayan, at natuklasan ko na ito’y tama. Sila ay nagpasimula sa Pentecostes. Ngunit sila ay nagpasimulang lumayo, at nakita ninyo kung nasaan na sila.

<sup>121</sup> At kung ang Pentecostes ay lalayo na kasing bilis ng paglayo niya ngayon, hindi na nito kailangang tumungo pa ng dalawang libong taon. Sa isangdaang taon mula ngayon, sila’y magiging higit pang malayo kaysa sa iglesya Katolika. Iya’y tama.

<sup>122</sup> Ngunit pansinin, paanong, itong mangangabayo ng maputing kabayo. Ngayon ay bibigyan lamang natin ito ng kapaliwanagan, ng kaunti, hanggang tamaan natin ang Tatak na ito. Ngayon pansinin ang mangangabayo ng maputing kabayo, nang siya ay lumabas, siya—siya ay nagsilbi sa tatlong baitang. Ang Diablo, tulad ng pinatunayan ko sa inyo nang nakaraang gabi, ay nasa isang trinidad, tulad din lamang ng Diyos. Ngunit ito’y siya ring Diablo sa lahat ng pagkakataon, sa tatlong baitang. Pansinin ang kaniyang mga baitang. Sa unang estado, siya’y dumating sa . . .

<sup>123</sup> Ang Espiritu Santo ay bumaba, at ang mga tao ay nagtamo pare-pareho sa lahat ng bagay. At ang Espiritu ng Diyos ay nasa sa kanila. At ang mga apostol ay nagtungo mula sa isang bahay patungo sa isa pang bahay, naghahati-hati ng tinapay sa mga tao. At nagkaroon ng maraming dakilang tanda at mga kababalaghang nagawa.

<sup>124</sup> At—at pagkatapos, ang unang bagay alam n’yo, si Satanas ay nagpasimulang magpalitaw ng mga bulong-bulungan.

<sup>125</sup> Pagkatapos, makaraan ang ilang panahon, ang aliping ito at ang mga mahihirap ng lupain, ang makatanggap ng Espiritu Santo, sila'y nagtungo sa iba't-ibang mga dako, nangagpapatotoo. Sila ay nagpatotoo sa kanilang mga panginoon.

<sup>126</sup> At pagkaraan ng ilang panahon, doon ay nagpasimulang dumating, oh, tulad ng kapitan ng mga hukbo at—at ang iba't-ibang mga tao. Ang kilalang tao ay nagsimulang makita ang kagitingan, at ang mga himala at mga tanda na ginawa ng mga taong ito, kaya tinanggap nila ang Cristiyanismo.

<sup>127</sup> Buweno, pagkatapos, nakita ninyo, nang yakapin niya ang Cristiyanismo, at pumaroon doon sa isang dako kung saan sila'y nagkikita-kita, sa isang maliit at lumang madilim, maruming bulwagan; at ipinapalampak ang kanilang mga kamay, at sumigaw, at nangagsasalita ng mga ibang wika, at kumukuha ng mga mensahe. Aba, hindi niya kailanman maaaring dalhin iyan sa kaniyang—kaniyang mga kakumpitensiya, o anumang iyan, sa kaniyang hanapbuhay. “Hindi niya kailanman paniniwalaan Ito, ng paganiyan.” Tiyak na hindi. Kaya, kailangang pagandahin niya Ito. Kaya sila'y nagpasimulang magkatipon-tipon, at nagsimulang mag-isip, “Ngayon tayo'y bubuo ng isang bagay na kakaiba ng kaunti.”

<sup>128</sup> At si Jesus, kaagad-agad, sa unang kapanahunan ng iglesya, sinabi Niya sa kanila. Sa ika-2 kabanata ng Apocalipsis dito, “Mayroon akong laban sa inyo, sapagka't sa mga gawang ito ng mga Nicolaita.”

<sup>129</sup> *Nikao*, “sakupin” ang iglesya. Sa ibang mga salita, gusto nilang gumawa, sa halip na maging isa ang lahat ng tao, gusto nilang gumawa ng ilang banal na tao. Gusto nilang gumawa ng ilang uri ng isang . . . Gusto nilang itulad ito sa paganismong, kung saan sila'y lumabas, at sa kahuli-huliha'y ginawa nila ito.

<sup>130</sup> Ngayon masdan. Una, “Nicolaita.” Ang *Nicolaita* ay tinawag, sa Biblia, “anti-cristo,” sapagka't iyan ay laban sa orihinal na Doktrina ni Cristo at ng mga apostol.

<sup>131</sup> Hindi ko gustong tawagin ang pangalan ng taong ito. Siya'y isang tanyag na tao. Ngunit ako ay nasa kaniyang pagtitipon, dito mga ilang taon na ang nakararaan. At alam niya na ako ay naroon, sapagka't kinamayan ko pa siya. At sinabi niya, “Oh, alam n'yo, mayroon tayong ganiyan ngayon na tinatawag nilang mga Pentekostal.” At sinabi niya, “Sila, sila ay umaasa sa Aklat ng mga Gawa.” At sinabi niya, “Kita mo, ang Mga Gawa ay isang balangkas na gawa lamang sa Iglesya.”

<sup>132</sup> Maiisip n'yo ba, isang tao na pinag-aralan ang Biblia, isang magiting na matandang lalaki, at pinag-aralan ang Biblia sa paraan na ginawa ng mga tao, at pagkatapos ay gagawa ng isang pagpauna tulad niyan? Iya'y sa pandinig, hindi nito. . . Ito—

ito sa pandinig ay hindi man lang tulad sa Banal na Espiritu. Buweno, ito'y hindi maging kapareho, saanman.

133 Sapagka't, sinumang tao na may pangkaraniwang kaunawaan ay malalaman na ang Mga Gawa ng mga Apostol ay hindi mga gawa ng mga apostol. Ito ay mga gawa ng Espiritu Santo sa mga apostol. Hindi n'yo ba alam kung papaano natin iyan isinunod sa mga kapanahunan ng iglesya? Yaong mga Hayop na nakaupo roon, na binabantayan ang Arkang iyan doon. Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, na nakatayo roon, binabantayan Iyan. At Doon ay kung anong naganap, bilang resulta ng mga sulat ni Mateo, Marcos, Lucas, at Juan.

134 Iya'y kung anong iniusbong ng puno, ang unang sanga nito, at iyan ang naganap. At kung ang punong iyan ay maguusbong ng panibagong sanga, sila'y susulat ng panibagong Aklat ng Mga Gawa sa likod nito. Pagka't, inyong nakita, ang gayunding Buhay ay kailangang mapasa-gayunding bagay.

135 Kaya ngayon, sa araw na ito, kapag titingnan natin ang ating mga denominasyong iglesya, Metodista, Baptist, Presbyterian, Lutheran, iglesya ni Cristo (ang tawag), at mga Pentekostal at mga bagay, saan natin matatagpuan iyan? Hindi n'yo matagpuan iyan.

136 Aaminin ko na ang mga Pentekostal ang may pinakamalapat na bagay Dito, na mayroon, sapagka't sila'y narito sa Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea. Taglay nila ang Katotohanan at itinakwil Ito. Naging malahingina sila Rito, at isinuka sila ng Diyos mula sa Kaniyang bibig. Iya'y tamang-tamang ayon sa mga Kasulatan.

137 Hindi ninyo mapapagsinungaling yaong mga Kasulatan. Kita n'yo? Sila'y magiging makatotohanan, palagi. Huwag tangkain na . . . Ang tanging bagay, huwag piliting ihanay ang inyong kaisipan sa . . . o ang mga Kasulatan sa inyong kaisipan. Ngunit ihanay mo ang iyong sarili sa mga Kasulatan. Iya'y, kung gayon ay pagtakbong kasama ng Diyos. Kahit na gaano mo kailangang lumayo, o mapasa isang tabi, luminya Riyan. Kita n'yo?

138 Tingnan kung anong ginawa Nito sa unang pagkakataon Ito ay bumuhos. Buweno, kung ang Diyos ay kumilos ng katulad niyan paganiyan sa unang pagkakataon, kailangan Niyang kumilos din ng katulad niyan sa ikalawang pagkakataon. Kailangan Niyang kumilos ng katulad niyan sa bawat pagkakataon, o Siya'y kumilos ng mali sa unang pagkakataon.

Kita n'yo, tayo bilang mga tao, makakagawa tayo ng mga kamalian. Ang Diyos hindi.

139 Ang unang desisyon ng Diyos ay sakdal. At sa paraang Kaniyang piniling gawin ang mga bagay, hindi na maaring magkakaroon pa ng ibang, higit na mabuting paraan. Hindi Niya magagawang pagbutihin pa ito, sapagka't ito'y sakdal, sa

simula pa lamang. Kung hindi ito sakdal, kung gayon hindi Siya walang-hanggan. At kung Siya ay walang-hanggan, kung gayon alam Niya ang lahat ng bagay. At kung alam Niya ang lahat ng bagay, Siya ay makapangyarihan sa lahat. Amen! Kailangan Siyang maging ganiyan, upang maging Diyos. Kita n'yo? Kaya't hindi ninyo—hindi ninyo masasabi, ngayon, “Natututo Siya.” Hindi na Siya natututo pa, Siya’y ang— Siya’y ang mismong pinaka bukal ng lahat ng karunungan. Kita n'yo?

<sup>140</sup> Ang karunungan natin dito ay nagmula kay Satanas. Namana natin ito mula sa Eden, kung saan ipinagpalit natin ang pananampalataya para sa karunungan. Ginawa ito ni Eva.

<sup>141</sup> Ngayon, siya ay unang tinawag na anti-cristo. Ang ikalawang baitang, siya ay tinawag na bulaang propeta, sapagka't ang espiritung iyan sa mga tao ay nagkatawang-tao.

<sup>142</sup> Inyong natatandaan, ang mangangabayo ng maputing kabayo ngayon ay walang korona nang siya’y magpasimula, ngunit pagkatapos siya ay . . . ay pinagkalooban ng isang korona. Bakit? Siya ang espiritu ng Nicolaita, sa pasimula; at pagkatapos siya ay nagkatawang-tao sa isang tao; at pagkatapos siya ay kinoronahan, at nakatanggap ng isang trono at kinoronahan. At pagkatapos siya ay nagsilbing ganiyan sa loob ng mahabang panahon, na makikita natin habang tayo . . . ang mga Tatak ay nabuksan.

<sup>143</sup> At pagkatapos napag-alaman natin, matapos ang mahabang panahong iyan, si Satanas ay pinalayas mula Langit. At siya ay bumaba, ayon sa mga Kasulatan, at iniluklok ang kaniyang sarili. Isipin lamang, iniluklok ang kaniyang sarili sa taong ito, at naging isang hayop. At siya ay may kapangyarihan, pinakamataas na kapangyarihan, tulad niya na kaniyang nagawa, lahat ng mga himala at lahat, na—na, o ang mga pagpatay at madugong mga labanan at lahat ng bagay na—na magagawa ng Roma. Tama. Siya ay pumapatay sa pamamagitan ng malupit, Romanong pagpaparusa. Sadyang, naku, tayo ay makakapagbukas ng ilang mga Kasulatan dito!

<sup>144</sup> Alalahanin, si Jesus Cristo ay namatay sa ilalim ng pagpaparusa ng Roma, pangunahing kaparusahan.

<sup>145</sup> Ang Mensahe na mayroon ako sa puso ko, upang ipangaral dito sa susunod na pagtitipong ito, sa Biyernes Santo ng hapon, pagtugmain ang tatlo, apat na mga bagay, kita n'yo. “Doon kanilang ipinako Siya.” “*Doon*,” ang pinakabanal, pinakarelihiyosong dako sa mundo ay ang Jerusalem. “*Kanilang*,” ang pinakabanal (ipinagpalagay na) mga tao sa mundo, ang mga Hudyo. “Doo’y kanilang *ipinako*,” ang pinakamalupit na kaparusahan na magagawa ng Roma. “*Ipako Siya*.” Ano? Ang pinaka dakilang Tao na nabuhay. “Doon ay ipinako nila Siya.” Oh, naku!

146 Diyos tulungan ako upang ikurba Ito patungo sa mga pangkat ng mga negosyanteng taong iyan, hanggang sa makita nila kung saan sila nakatayo. Tama. Ngayon, hindi upang maging iba, hindi upang maging masagwa; ngunit upang yugyugin Iyan, hanggang sa makita ng mga kapatid na iyan na ang kanilang mga dignitaryo at mga banal na ama, at mga bagay na kanilang isinusulat dito sa peryodiko ng mga Negosyanteng Tao, ay walang kabuluhan. Ang mga Cristiano ay hindi dapat tumawag ng “Ama” sa sinumang tao. Sinimulan nila iyan. Sinikap kong tulungan sila sa lahat ng bagay na magagawa ko. Nakita n’yo ngayon kung saan pumupunta ang mga teyp na ito. Kaya, tapos na ako. Tiyak na wala na akong anumang bagay na pakialam pa ryan. Tama. Una, alalahanin si Cristo.

147 Una, habang ang Nic-. . . Nicolaita, at ano ang hinihingi ng kapanahunan ng Nicolaita? Hiningi nito na lumayo mula sa mga lupon ng mga tao na sumisigaw at ipinapalakpak ang kanilang mga kamay, at nagmumukhang parang kahiya-hiya; tulad ng kanilang ginawa sa Pentekostes, kumikilos na parang mga lasing na tao, humahapay-hapay sa Espiritu, at mga bagay. Hindi nila gusto ang mga ganiyang bagay. Ang sabi nila sila’y mga lasing. At nang ang mga kilala. . . Pakinggan! Huwag ninyong lampasan ito. Maaaring ito ay parang kabaliwan sa inyong pandinig, ngunit ito ang Katotohanan. Nang ang—ang mga dignitaryo ay nagpasimulang magsipasok, hindi sila makasang-ayon diyan.

148 Ang nagpapadakila sa Diyos, ay dahil Siya ay sapat na dakila upang yumukod pababa. Iyan ang nagpadakila sa Kaniya. Wala ng bagay na mas malaki pa. At Siya ay yumukod nang napakababa na maiyuyukod ng sinumang tao, sinumang tao na nagawang yumukod. Siya ang Hari ng Kalangitan, at Siya’y dumating sa—sa pinakamababang siyudad sa lupa, ang Jericho. At Siya ay naging napakababa pa hanggang maging ang pinakamaliit na tao sa bayan ay kailangang tumingin pababa sa Kaniya, upang makita Siya. Iyan ba ay tama? Si Zacchaeus. Iya’y tama. Siya ay tinawag sa pinakamasamang pangalan na maitatawag sa sinumang nilalang, “isang mangkukulam, isang diablo, Beelzebub.” Iyan ang inisip sa Kaniya ng sanlibutan. Namatay sa pinakamalupit na kamatayan. Ni walang dako upang ihilig ang Kaniyang ulo. Sinipa palabas, ng bawat organisasyon.

149 Ngunit nang Siya ay itaas ng Diyos, ng napakataas hanggang sa kailangan Niyang tumingin pababa upang makita ang Kalangitan. Nakita n’yo kung paanong, ang Diyos, ay nasa kapakumbabaan. Kita n’yo? At Kaniyang binigyan Siya ng isang Pangalan na napakadakila na ang buong pamilya ng Kalangitan ay ipinangalan sa Kaniya, at bawat pamilya ng—ng lupa. Lahat ng pamilya sa lupa ay pinangalanang “Jesus.” Lahat ng mga pamilya sa Kalangitan ay pinangalanang “Jesus.” At gayong Pangalan, na, bawat tuhod ay luluhod, at bawat dila

ay magpapahayag, sa Kaniya bilang Panginoon; dito man o sa impiyerno. Ang impiyerno ay luluhod dito. Lahat ng bagay pa ay luluhod dito. Kita n'yo? Ngunit una ito ay kapakumbabaan, pagkatapos ito ay naging dakila. Kita n'yo? Hayaang ang Diyos ang magtaas. "Siya na ibinababa ang kaniyang sarili, ay itataas ng Diyos." Kita n'yo?

<sup>150</sup> Ngayon, napansin natin na ang *nikao* na espiritung ito ay nagnanais ng karunungan, mas matalino. Kailangan nitong pangatwiran ito, tulad sa Eden noon, nangatwiran laban sa Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng karunungan, at ang iglesya ay nahulog dahil dito. Ano nga iyan?

<sup>151</sup> Ngayon, sabihin nating, kunin ang iglesyang ito rito, at kumuha ng pangkat ng mga taong katulad natin, kung hindi kayo tunay na puspos ng Espiritu. At kunin natin, sabihing . . . Ngayon, walang anumang laban sa mayor ng siyudad natin. Palagay ko'y hindi ko siya kilala, si Ginoong Bottorff. Siya ay mayor pa rin ba, si Ginoong Botorff? Kita n'yo, hindi ko . . . Si Ginoong Botorff ay isa kong mabuting kaibigan, kita n'yo. Ngunit, sabihing, ang mayor ng siyudad, at lahat ng puwersa ng pulisya, at—at lahat ng mga opisyal ng hukbo, at silang—silang lahat ay pumunta rito. Ang unang bagay alam n'yo, kung mayroon sila ni kaunting bagay sa kanilang isip, at magpasimulang makipag-usap sa sanggunian at sa mga tao sa paligid dito, at sabihing, "Ngayon alam n'yo kung ano? Ito ay dapat na kaiba." Kung hindi ka puspos ng Espiritu Santo, at mayroong tunay na taong puspos ng Espiritu sa likod ng pulpito, ang unang bagay alam n'yo, sasang-ayon sa kanila. Marahil hindi ang salin-lahing ito; marahil ang susunod na saling-lahi.

<sup>152</sup> At ganiyan ang paraan na ito'y nagpasimula. Kita n'yo? Bakit? Sila ay nagsasabing, "Tumingin dito. Ito'y makatuwiran." Kayo, kayo ay makikinig.

<sup>153</sup> Sabihing isang tao ay pumasok dito, na makapagsasabing, "Ang simbahang ito ay masyadong maliit. Tayo'y magtayo ng isang malaking simbahan. Ipagtatayo ko kayo ng isa rito, ito'y . . . ito'y magkakahalaga ng napakalaking halaga ng salapi, mga kalahating milyong dolyares. Iya'y maiilagay diyan. Isasahimpapawid ko ang bagay na iyan." Kapag ginawa nila iyan, kung gayon ay kumuha sila ng isang palakol upang ipandurog; siyam na beses mula sa sampu, alam n'yo na, isa sa kanilang mga uri. Ang unang bagay alam n'yo, pagkatapos, kung kaniyang gagawin, siya ay gagawa ng mga bagay na sasang-ayon sa kaniyang sarili. "Wala kayong anumang masasabi, sapagka't si Kapatid na John Doe roon sa likuran, siya ang nagtustos sa iglesyang ito." Kita n'yo? At pagkatapos ay mayroon kayong munting Ricky mula sa ilang seminaryo, nalalaman lamang tungkol sa Diyos ay kasing tulad lamang ng nalalaman ng isang taong gubat, tungkol sa Ehipsiyong kabalyero, at siya'y tutungo roon at siya'y sasang-ayon sa lalaking iyan, sapagka't



binibilhan niya siya ng bagong sasakyan palagi, pinapayagan siyang mamasyal sa paligid, at ibili siya *nito*, *niyan*, at *iba pa*.

154 Ngayon, iya'y tamang-tama kung paano ito nagsimula. Tama. Pansinin, karunungan at katalinuhan! Sabi nila, "Ngayon tumingin dito, hindi ba ito'y makatuwiran lamang? Ngayon, ang...ating—ating mga kababaihan, anong kaibahan ba ang nagagawa nito kung paano nila isaayos ang kanilang mga buhok?" Ngunit sinasabi ng Biblia na ito ay gumagawa ng isang kaibahan. Sadyang kunin ang isang bagay na iyan, liban sa daan-daang iba pa. Kita n'yo? Ito'y gumagawa ng isang kaibahan. Sinabi ng Diyos na ito ay gumawa ng isang kaibahan, kaya ito ay isang kaibahan.

155 Ngunit, nakita n'yo, kung nasimulan nila iyan, at ang sanggunian ng mga katiwala, at ang mga diyakuno at lahat na, ang unang bagay alam n'yo, ang pastor ay alinman sa dalawa, manatili o umalis. Iyan lang. Kita n'yo, iya'y ang mga tao na pumili nito papasok. Tama.

156 Ngayon pansinin, ang espiritung iyan ay nagpasimulang kumilos, at ang iglesyang iyan na, na, mayroong napakaraming dignitaryo sa loob nito, masyadong maraming malalaking bagay, at napakaraming salaping inumpisahan, hanggang di nagtagal sila'y nakinig doon at nahulog dahil roon, ang kagaspangan ng Diablo.

157 At iya'y ang mismong bagay na nagawa ni Eva sa hardin ng Eden. Ngayon, narinig n'yo iyan. Iya'y tama. Tingnan, ang natural na babae, ang nobya ni Adam, bago siya tumungo sa kaniya bilang asawang babae, ay nahulog sa pakana ni Satanas laban sa Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng pangangatwiran Dito. Bago namuhay si Adam na kasama si Eva bilang isang asawang babae, dinaig siya ni Satanas doon. Iya'y tama. Narinig n'yo na ang *Ang Nobyang Puno*, na ipinangaral ko. Iyan ay tumatalakay diyan, kita n'yo. Mabuti. Ngayon pansinin, doon, si Eva ay nahulog sa pangangatwiran. Ngayon siya, si Satanas, ay nagtangkang pangatuwiran Ito.

Sinabi niya, "Ngunit sabi ng Panginoon . . ."

158 Sinabi niya, "Oh, alam mo, ngunit tiyak na hindi gagawin ng Panginoon. Kita n'yo? Ikaw, ikaw ay nagnanais na maging pantas. Gusto mong malaman ang isang bagay. Aba, ikaw ay walang silbi kundi isang piping bata. Kita n'yo? Kailangang may malaman kang bagay." Kung hindi iyan si Satanas! Oh, naku!

159 Kung hindi iyan ilan sa mga itong, moderno, kita n'yo, "Oh, sila ay mga pangkat lamang ng mga holly roller. Huwag mo silang bigyan ng atensiyon, kita n'yo. Huwag pupunta . . . Kita n'yo?"

160 Ngayon, ang natural, unang nobya ng lahing pantao, bago tumungo ang kaniyang asawang lalaki sa kaniya, siya ay nahulog mula sa biyaya, sa pakikinig sa kasinungalingan ni Satanas,

makaraang patibayin siya ng Diyos sa likod ng Kaniyang Salita. Kung siya ay nanatili lamang sa likod ng Salita, hindi siya kailanman sana nahulog. Ngayon iya'y sa natural, pansinin, ang natural na babae.

161 At ano ang sumpa, ang aktuwal na sumpa sa paglabas mula sa likod ng Salita ng Diyos?

162 Ngayon alalahanin, pinaniwalaan niya ang halos siyam na pu't walong porsiyento Nito. Ngunit kailangan n'yo lamang pakawalan ang isang Bagay. Kita n'yo? Pinaniwalaan niya ang kabuuan ng karamihan Nito. Oh, tiyak. Sinabi niya Ito, at aaminin ni Satanas na Iyan ay tama. Kung magagawa ka lamang niyang gipitin sa isang sulok, iyan lang ang nais niya. Kita n'yo? Ang tanging bagay na kailangan mong gawin ay bigyan ang isang bala ng kaunting pilipit sa direksiyong *ito*, at hindi nito matatamaan ang puntirya. Kita n'yo? Iyan lang. Ngayon, pinaniniwalaan niya ang halos lahat Nito, ngunit gayun pa man 'di nakita iyon.

163 Ngayon, at ang—at ang mga resulta, sapagka't iniwan niya ang Salita, dahil sa isang munting batik ng isang katuwiran.

164 Buweno, sabihin ngayon, “Ano naman ang tungkol sa mga kababaihan?” O, “Bakit nais mong mangusap tungkol sa mga bagay tulad niyan?” Ngunit kahit ano sa mga maliliit na bagay na iyan. “Ano ang kaibahan, kahit na iyan ay pangunahing ebidensiya?” Ito'y isang bagay dito! Kailangan mong . . .

165 Ito ay kailangang maituwid. Tayo'y nag-akala Rito, sa pamamagitan ng pitong mga kapanahunan ng iglesya, halos. Ngunit ang oras ay dumating nang salitain Ito ng Diyos. At hindi lamang Niya sinalita Ito, kundi ipinakita Niya Ito, at pinagtibay Ito, at pinatunayan Ito. Iya'y tama. Kung hindi Niya ginawa ito, kung gayon hindi ito Diyos, 'yan lang. Ang Diyos ay naninindigan sa likod ng Kaniyang Salita.

166 Pansinin ngayon. Ngayon, ang natural na babae ay naging sanhi ng natural na kamatayan, sapagka't siya'y nakinig sa pangangatuwiran, upang gawing pantas ang kaniyang sarili, gawing pantas ang kaniyang sarili sa halip na manatili sa likod ng Salita at gawin kung anong sinabi sa kaniya ng Diyos na gawin. Ninais niya ang karunungan, at maging pantas. At siya'y nakinig sa pangangatkuwiran, at—at naiwala niya ang buong lahi ng sangkatauhan. Kita n'yo?

167 Ngayon, sa panahong ito, ang espiritwal na babae, ang Nobya ni Cristo na nagpasimula sa Araw ng Pentekostes, kasama ang sinaunang Iglesyang apostolika, ay naiwala ang katulad na bagay sa Konseho ng Niceaea. Lee, alam mong iya'y tama. At sa—sa Konseho ng Niceaea, nang ipinagpalit niya ang kaniyang mga espiritual na pagkapanganay, upang tanggapin ang malalaking mga simbahan ni Constantino at mga bagay na inialok niya sa kanila roon, at ipinagbili niya ang kaniyang Iskriptural

niyang pagkapanganay para sa lupon ng Romanong dogma. Ngayon, iya'y mahirap para sa Katoliko. Ngunit ang Protestante ay nakagawa ng gayunding bagay, at kumakatawan, sa Biblia rito, bilang isang anak na babae “ng patutot, ng puta.” Iya'y eksaktong tama bawat isa sa kanila! Walang mga pagdadahilan.

<sup>168</sup> Ngunit mula roon ay palaging mayroong isang kaunting natitira, doon mismo, na sasama upang buuin ang Nobya.

<sup>169</sup> Pansinin, naiwala niya ang kaniyang mga pagkapanganay, kita n'yo, bago nakapunta sa kaniya ang kaniyang asawang lalaki. Kita n'yo? Bago ang kasalan, naiwala niya ang kaniyang kalinisan.

<sup>170</sup> At ngayon matatandaan ninyo sa dako roon, sabi niya, “Ako'y nakaupo bilang isang reyna. Hindi ako nangangailangan ng anuman,” sa Kapanahunang iyan ng Laodicea roon. “Ako ay mayaman at sagana sa mga kayamanan, at iba pa. At, aba, ang buong mundo ay tumitingala sa akin. Ako ang dakila, banal na iglesya, at iba pa. Kami ay *ganito* sa isang paraan,” ang buong kapanahunan.

<sup>171</sup> At sinabi Niya, “Hindi mo nalalaman na ikaw ay hubad, bulag, miserable, aba, dukha, at hindi nalalaman iyan.” Iyan ang kalalagayan. Ngayon, kung sinabi ng Espiritu Santo na ang kalalagayan ay magiging sa ganiyang paraan sa mga huling araw, ito'y sa ganiyang paraan! Wala nang paliguy-ligoy pa rito. Iyan nga ang paraan nito.

<sup>172</sup> Ngayon masdan. Ngayon, nang kaniyang ipagbili ang kaniyang pagkapanganay noon doon, ang kaniyang walang-bahid-dungis na karapatan, sa Salita, anong kaniyang ginawa? Nang ginawa iyon ni Eva, naiwala niya ang sangnilikha; ang buong sangnilikha ay nahulog sa ilalim niya.

<sup>173</sup> Ngayon pansinin, at nang gawin iyon ito ng iglesya, tumanggap ng mga dogma sa halip na ang Espiritu at ang Salita, isinumpa nito ang buong sistema. Bawat sistemang denominasyon na na naging gayon pa, o magiging gayon, ay nasumpang kasama nito, at nahulog, 'pagka't wala nang ibang paraan.

<sup>174</sup> Kapag kayo ay kumuha ng isang grupo ng mga tao na samasama, upang unawain ang anumang bagay, ang isa ay may kaisipan sa sa *ganitong* paraan, at ang isa ay may kaisipan sa *ganoong* paraan, at ang isa ay mauuna sa *ganitong* paraan. At kanilang pinagsama-sama ang mga bagay at aalugin ito, at, kapag ito ay lumabas, iyan ang nakuha mo rito.

<sup>175</sup> Iyan tamang-tama kung ano ang kanilang ginawa sa Konseho ng Nicaea. Iyan tamang-tama kung ano ang kanilang ginagawa sa Metodista, sa Presbitero, sa iglesya ni Cristo, at ang iba pa sa kanila. At walang tao, kahit ano pa man ang ihayag sa kaniya ng Diyos, kailangan mong ituro ito sa paraan ng kanilang kredensiyal, sinabi ng kredo—kredo nila, o sisipain

ka nila palabas. Ngayon, huwag n'yong sabihin sa akin. Ako'y nanggaling na roon, kita n'yo, at alam ko iyan.

<sup>176</sup> At iya'y sadyang tamang-tama kung anong naganap, kaya ang buong bagay ay nasumpa. Hindi nakapagtata kang sinabi ng anghel, "Lumabas ka sa kaniya, bayan Ko, upang hindi ka maging kabahagi ng kaniyang mga salot." Sapagka't, siya ay magiging. . . Siya ay sinumpa, at kailangan niyang danasin ang sumpa ng poot ng Diyos sa kaniya, sapagka't kaniyang ipinagbili ang kaniyang kalinisan at mga karapatan. Kita n'yo? Ngunit. . . Oh, naku!

<sup>177</sup> Ngunit, alalahanin. Nakikita ang lahat ng kalagayang iyan, ngunit gayun pa man ipinangako ng Diyos, sa Joel 2:25, kung nais ninyong isulat iyan, "Sa mga huling araw. . ."

<sup>178</sup> Nang sabihin Niyang, "Kung anong iniwan ng tipaklong, kinain ng kuliglig; kung anong iniwan ng kuliglig, ang—ang mga balang ang kumain; kung anong kinain ng balang. . ." Sadyang tuloy-tuloy pababa, salagubang pagkatapos ng salagubang, ang dumating at kumain sa Iglesia hanggang sa wakas Ito'y wala na kundi isang tuod. Masdan! Kung anong iniwan ng mga Romano, kinain ng mga Luterano; kung anong naiwan ng mga Luterano, kinain ng mga Metodista; at kung anong iniwan ng Metodista, kinain ng mga Pentekostal; kita n'yo, hanggang siya ay mapunta sa isang tuod.

<sup>179</sup> At alam n'yo ba kung ano? Kunin n'yo ang mga uod na iyon doon, ang balang at kuliglig, at iba pa, at inyong sundan sila pababa sa kabuuan ng—ng aklat, at tuklasin. Ito'y siya ring uod na nasa iba't-ibang mga baitang lamang.

<sup>180</sup> Tanganan ang inyong puntos. Gayun din ang mga Tatak na ito! Ito'y siya ring mga uod. Makikita n'yo ito kapag inilabas natin ito, kaya sasabihin ko sa inyo ngayon. Ito'y siya ring uod, sa lahat ng panahon. Apat sa mga uod na iyon; apat dito. At hayan nga sila, sila'y ang gayunding bagay. Ito'y ang gayunding espiritu. Kung anong iniwan ng isa, kinain ng isa; at kung anong iniwan ng isang *ito*, kinain ng isa pa; katulad niyan, hanggang sa madala nila ito sa isang tuod.

<sup>181</sup> Ngunit sabi ni Joel, "At aking isasauli, sabi ng Panginoon, lahat ng mga taon na kinain ng kuliglig."

<sup>182</sup> Ano ito? Paano Niya gagawin ito; kung ito ay nagpasimula ng, anti-cristo, sa pagiging laban sa katuruan ni Cristo, na tinanggap ang dogma sa halip na ang Salita? At sa pagpapatuloy ng mga taon ang mga repormador ay nahulog doon, tulad ng sinabi ng Biblia.

<sup>183</sup> "Ngunit sa huling araw, sa pagtunog. . ." Apocalipsis 10:1-7, sinabi Niya, "Ang mga hiwaga ng Diyos ay matatapos sa mga huling araw, sa pagtunog ng ikapitong anghel." Sa Malakias 4, sinabi na Kaniyang "Isusugo si Eliseo bago dumating ang masamang araw sa ibabaw ng lupa, kapag Kaniyang

susunugin ito gaya ng isang pugon. At kaniyang isasauli at papagbabaliking loob ang—ang mga anak sa Pananampalataya ng mga ama,” ang orihinal, na maka-apostol, pentekostal na Pananampalataya na ipinangakong ipapanumbalik. Ngayon, iya’y sadyang kasing linaw ng tulad sa paraang masasabi iyan ng Kasulatan. Ngayon ito’y naipangako. At kung tayo ay nasa mga huling araw, mayroong bagay na kailangang mangyari. Kita n’yo. At iyan ay nagaganap na, at nakikita natin iyan.

<sup>184</sup> Pansinin ang trinidad ni Satanas. Siya ring persona na dumarating; nagkatawang-tao lang, mula sa isa patungo sa isa pa. Iyan ang paraan na ginawa ng mga salagubang, nilang mga uod, mula sa isa patungo sa isa pa, tamang-tama. Ang Nicolaita, “ang espirituwal na anti-cristo.” Papa, “bulaang propeta.” “Hayop,” ang mismong Diablo, nagkatawang-tao. Hindi niya magagawa ito . . .

<sup>185</sup> Ngayon, panatilihin n’yo iyan sa inyong isipan ngayon, kapag sinundan n’yo ito. Makikita n’yo na ang mga mangangabayong ito ay tutungo diretso riyan. Kita n’yo, nagbibigay ako ng isang larawan sa inyo rito. Kung mailalagay ko ito sa isang pisara, mas mauunawaan ninyong mabuti ito. Kita n’yo, ako’y nagmamasid.

<sup>186</sup> Una, ngayon. Alalahanin ninyo ito. Ang unang bagay na siya, siya ay isang “anti-cristong espiritu.” Sinabi nga ni Juan. “Mumunting mga anak, ang espiritu ng anti-cristo ay gumagawa na sa mga anak ng pagsuway.” Kita n’yo, ang bagay na iyan ay nagpasimula nang mag-umpisa. At pagkatapos iyan ay naging parang “isang kasabihan,” sa sumunod na kapanahunan ng iglesya. At sa sumunod na kapanahunan ng iglesya, iyon ay “isang doktrina.” At sa sumunod na kapanahunan ng iglesya, siya ay “kinoronahan.” Ngayon hindi ba iya’y sadyang kasing linaw ng pagbabasa kung saan man ninyo ito mababasa? Kita n’yo? Kita n’yo, hayon siyang dumarating.

<sup>187</sup> Ngayon, una, siya’y tinawag na (ano?) “anti-cristong espiritu,” sapagka’t siya ay laban sa Salita. Iyan ang nag-umpisa nito. Iyan eksakto kung ano ang gumawa ng buong bagay, ang pagtalikod mula sa Salita ng Diyos. Hindi dahil maaring binigyan ni Eva si Cain ng isang pagpalo isang araw. Kita n’yo? Hindi iyon ang tumapos nito. Ang unang bagay na tumapos ng buong bagay, ay dahil sa siya’y tumalikod mula sa Salita. Siya’y tumalikod mula sa Salita. At ang unang bagay, pinasimulan ang prostitusyon sa iglesya ng buhay na Diyos, ang Nobya ni Cristo, siya’y tumalikod mula sa Salita at tinanggap ang Romanong dogma sa halip na ang Salita ng Diyos. Anong nangyari sa bawat organisasyon? Ginawa nito ang mismong gayun ding bagay.

<sup>188</sup> Ngayon, ngunit naipangako na sa mga huling araw Siya’y gagawa ng paraan upang ipanumbalik muli. Ang Salita ng Panginoon ay mahuhulog muli sa ibabaw ng lupa, tulad

ng ginawa Niya sa pasimula, at, oh, at ipapanumbalik muli (ang ano?) kung anong nagpasimula nito. “Laban sa Salita.” At ano dapat ang gagawin ng taong ito kapag siya’y dumating, na pinahiran ng Espiritu ng Diyos? Kaniya lamang “papagbabaliking loob ang Pananampalataya ng mga anak pabalik sa mga magulang.” Ganiyan nga kung paano Niya ipapanumbalik. At nakuha n’yo ang gayunding Salita, sa gayun ding dako na Iyan ay *Naririto*, Ito’y gagawa ng gayun ding bagay.

<sup>189</sup> Sabi ni Jesus, “Kung ang sinumang tao ay magiging sa Akin! At siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” At nang hilingin nila sa Kaniya na gumawa ng ilang mga bagay, sinabi Niya, “Ginagawa Ko lamang kung ano ang ipakita sa Akin ng Ama. Hindi Ako gumagawa ng anumang hanggang makita ko ito, muna. Kung anong nakikita kong ginagawa ng Ama, iyan din ang gagawin ko. Ang Ama ay gumagawa, at pagkatapos Ako ay gagawa hanggang doon.” Kita n’yo? Hindi n’yo ba nakita iyan? Aba, iya’y sadyang tulad lamang sa pagbabasa ng pahayagan. Kita n’yo?

Ngayon, ngayon, una, pagkatapos, siya’y naging isang “anti-cristo.”

<sup>190</sup> Ngayon, hindi siya maaaring maging anti-cristo sa espiritu lamang. Pagkatapos, siya’y naging isang anti-cristo, at ang espiritung iyan ay kumuha ng isang tao na nagturo ng gayun ding mga bagay na ginagawa ng anti-cristong espiritung iyan, at pagkatapos siya ay naging isang “bulaang propeta,” sa anti-cristong espiritu. Ngayon paano naman ang isang tao sa isang organisasyon? langkop ang inyong sarili. Hindi ko alam kung anong iniisip ninyo tungkol diyan. Tama.

<sup>191</sup> Ngayon, sa wakas, siya’y naging “isang hayop.” Ngayon maghintay, at tayo’y pupunta riyan pagkaraan ng ilang sandali, kita n’yo. Mabuti.

<sup>192</sup> Ngayon, habang ang trinidad ni Satanas ay nananatiling nakalatag tulad niyan; si Satanas, sa lahat ng oras. Si Satanas, “anti-cristong espiritu.” Anti-cristong espiritu, nagkatawang-tao, “bulaang propeta.” Pagkatapos, naging “ang hayop.” Kita n’yo? Kapag...Hindi isang demonyo, na naroon sa anti-cristong iyon; ngunit nang si Satanas mismo ay palayasin, siya’y bumaba at kinuha ang puwesto kung saan ang demonyo ay naroroon dati. Ang Diablo, kung gayon, pagkatapos ang Diablo ay nagsakatawan sa isang tao. Inuulit lamang nito ang kaniyang sarili.

<sup>193</sup> Iyan nga kung ano si Judas Iscariote. At anong kaniyang ginawa? Isa ba siya sa mga tao na laban kay Cristo? Aba, siya ang tagatresurero, lumakad kasama Niya. Tiyak. Lumakad mismong kasama nila. Lumabas doon at nagpalayas ng mga diablo, at gumawa ng sadyang eksakto kung anong ginawa nila.

194 At si Cristo ang nagkatawang-tao na Diyos; Diyos, nagkatawang-tao sa laman, Emmanuel. At si Judas ay ang anak ng kapahamakan. At si Jesus ay ang Anak ng Diyos. Nagkatawang-taong Diyos; nagkatawang-taong Diablo.

195 Ang ibang mga tao ay nakakakita lamang ng tatlong mga krus sa panahong iyan. Mayroong apat sa kanila. Mayroong tatlo sa Golgotha, na nakita natin. Iyan ay si Jesus sa gitna, isang magnanakaw sa Kaniyang kaliwa, at isang magnanakaw sa Kaniyang kanan.

196 At masdan. Sinabi ng isang magnanakaw sa isa pa, o sabi kay Jesus, “Kung. . .” Ngayon, alam ninyong Siya ang Salita. Ngunit, “Kung Ikaw ang Salita, hindi mo ba ililigtas ang iyong sarili? Hindi ka ba gagawa ng anumang bagay tungkol dito?”

197 Iya’y ang gayun ding bagay ngayon. Hindi n’yo ba narinig itong mga matatandang diablong dumating, sinabing, “Kung ikaw ay naniniwala sa Banal na pagpapagaling, *heto* ang mata ng ilang tao, hindi mo ba bubuksan ang kanilang mga mata?” “Bulagin mo ako! Bulagin mo ako!” Iyan pa ring matandang diablo. Kita n’yo? “Bumaba ka mula sa krus, paniniwalaan Ka namin.” “Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, gawin mong tinapay ang mga batong ito.” Siya ring diablo.

198 Lumayo lamang kayo, kita n’yo. Hindi. Iyan ang paraan na ginawa ito ni Hesus. Hindi Siya nag-patawa para sa kaninuman sa kanila.

199 Naglagay ng basahan sa Kaniyang kamay. . . sa ibabaw ng Kaniyang pinakamahal na mga mata, tulad *niyan*. At sila’y kumuha ng tungkod, at pinalo Siya sa ibabaw ng ulo. Sabi, “Sabihin sa amin! Kung Ikaw ay isang propeta, ngayon sabihin sa amin kung sinong pumalo sa Iyo.” Kanilang pinagpasapasahan ang tungkod, sa isa’t isa. “Ngayon sabihin Mo sa amin kung sinong pumalo sa Iyo, at kami’y maniniwala na Ikaw ay isang propeta.” Hindi Niya kailanman binuksan ang Kaniyang bibig. Umupo lamang Siya roon. Kita n’yo? Hindi Siya nagpatawa. Ginagawa lamang Niya ang sinasabi ng Ama, kita n’yo. Kita n’yo? Pinabayaan silang magpatuloy. Ang kanilang oras ay darating. Huwag mag-alala. Oo, ginoo. Ngayon, kanilang hinipo ang Kaniyang kasuotan, wala silang naramdamang bisa.

200 Ngunit isang mahirap na munting babae, na may pangangailangan, ay humipo lamang sa Kaniyang damit. Siya’y lumingon at nagsabi, “Sinong humipo sa Akin?” Uh-huh. Ano iyon? Isang kakaibang hipo. Iyon ay depende kung paano mo Siya hipuin, nakita n’yo, kita n’yo, anong inyong pinaniniwalaan. Ngayon, kita n’yo?

201 Ngayon, habang si Satanas ay. . . isinakatawang-tao ang kaniyang sarili, mula sa anti-cristo tungo sa bulaang propeta ngayon. At sa mga araw ng Hudyo, ay “anti-cristo,” sa kalagitnaan ng mga sinaunang iglesya. Sa madilim na mga

kapanahunan, siya'y naging isang "bulaang propeta," sa sanlibutan. Nakita n'yo ba siya roon na hawak ang "kaniyang saro ng kasamaan?" Ngayon, iya'y sa kapanahunan ng iglesya ngayon.

<sup>202</sup> Ngunit sa kapanahunan matapos na ang Iglesya ay Nakauwi na, siya'y naging isang hayop, siya'y naging ang Diablong nagkatawang-tao, ang pulang dragon mismo. Oh, naku! Hindi ba ninyo makita ang ibig kong sabihin? Siya ay nagsakatawan sa kaniyang mga tao kung gayon. Nagawa niyang matalian ang kaniyang mga tao sa pamamagitan ng kaniyang kapangyarihan. Ang bulaang propeta ay nanghula sa kanila tungo roon. "Ibinigay sila sa paggawa ng kamalian, upang paniwalaan ang kasinungalingan at mapahamak sa pamamagitan nito." "Tinatanggihan ang Salita; na may anyo ng kabanalan."

<sup>203</sup> Gumagawa ang Diyos, sa Kaniyang lugar, sa isang trinidad. Pag-aaring ganap; pagpapaging-banal; at isinakatawang-tao ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang bayan, taglay ang bautismo ng Espiritu Santo.

<sup>204</sup> Gayun ding bagay, gayun din ang Diablo ay nasa isang pagtitipo, sumunod kay Cristo. Oh, isinakatawang-tao ni Satanas ang kaniyang sarili. . . Ngayon masdan. Si Satanas. . .

<sup>205</sup> Nang isinakatawan ni Jesus ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang mga tao, ang mismong Buhay na nakay Cristo ay nasa persona.

<sup>206</sup> Anong gagawin nito kung inyong kinuha ang buhay mula sa isang puno ng ubas at inilagay ito sa isang puno ng kalabasa? Hindi na ito magbubunga pa ng mga kalabasa; magbubunga ito ng mga ubas. Paano kung inyong kinuha ang buhay mula sa punong milokoton at ilagay iyan sa isang punong peras? Magbubunga ba iyan ng mga peras? Hindi. Magbubunga ng milokoton. Ang buhay ang nagsasabi kung ano iyan. Kita n'yo?

<sup>207</sup> Kapag sinabi ninyong, narinig ang mga taong nagsasabing nasa kanila ang Espiritu Santo, at tinatanggihan ang Salitang ito, mayroong bagay na mali. Ang Espiritu Santo ang sumulat ng Salitang iyan.

<sup>208</sup> At sinabi ito ni Jesus, "Kung ang isang tao ay taglay ang Aking Espiritu sa kaniya, gagawin niya ang Aking mga gawa." Gusto ninyong basahin iyan? Gusto ninyong isulat iyan? Iya'y San Juan 14:12. Oo. Tama. "Siya na sumampalataya sa Akin, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa. At lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama." Kita n'yo? Pagkatapos ay Kaniyang pinapaging-banal at nililinis siya, upang makatayo siya sa harapan ng Diyos. Ang patak ng tintang iyan ay nahulog doon, at dinala siya sa kabila ng bangin. Kita n'yo?

<sup>209</sup> Ngayon masdan. Si Satanas, nang isinakatawang-tao niya ang kaniyang sarili sa kaniyang mga sinasakupan, ginagawa



nila ang mga gawa na kaniyang ginawa. Hindi ba ninyo nakita? Anong ginawa niya? Pumunta mismo sa inosenteng babaeng iyan, upang dayain siya. At iyan eksakto kung anong ginagawa ng ibang mga diablong ito, pupunta mismo sa isang dako at sasabihing. . . Isang munting pastor ang nagpasimula, mula sa kung saan; papasok at sasabihing, “Oh, kung sasapi ka lamang sa amin!” Huh! Huh! Ang gayun ding gawa ng diablo. Ngayon, iyan ang Katotohanan! At kapag si Satanas ay nagkatawang-tao na sa kaniyang iglesya, upang maging isang diablo, kung gayon sila nga ang siyang gagawa ng pagpatay at paglipol, at iba pa. Sapagka’t, si Satanas ay mamamatay tao, sa unang dako; isang sinungaling at isang. . . Kita n’yo? Tama.

<sup>210</sup> Ano ang ginawa ni Satanas nang kaniyang gawin, nang siya’y nagsakatawan sa kalagitnaan ng mga tao? Tungkulin niya na maging tuso. Siya ay tuso. Saliksikin ninyo ang Biblia, at ipakita n’yo sa akin kung saan ang Diyos nakipag-ugnay kailanman sa mga taong intelektuwal. Hanapin iyan, at tingnan kung hindi ito palaging ang mga intelektuwal na sinapiang ng diablo. Ito’y isang mabigat na salita, ngunit ito’y totoo. Hinahamon ko kayo na kunin ang—ang lahi, magmula kay Abel tungo kay Cain; at, yaong labing-apat na salinlahi, suriin sila, at tingnan kung alin ang nasa matalinong bahagi, at alin yaong mga mapagpakumbaba. Uh-huh.

<sup>211</sup> Bakit hindi pumili si Jesus ng mga gayong tao? Kumuha Siya ng mga mangingisda at mga taong halos ni hindi man lang maisulat ang kanilang sariling pangalan, upang ilagay sila na tagapanguna ng Kaniyang Iglesya. Iya’y tama. Ang Karunungan ay—ay bale wala; ito’y—ito’y laban kay Cristo. Ang makamundong karunungan ay laban kay Cristo, palagi. Hindi kailan man sinabi ni Jesus sa atin na humayo’t magtayo ng mga seminaryo; hindi Niya ginawa iyan; ang pagkakaroon ng mga paaralang pang-Biblia. Sinabi Niya, “Ipangaral ang Salita! Ipangaral ang Ebanghelyo!” At pagkatapos kung sinabi Niyang, “Ang mga tandang ito ay susunod sa kanila na sumasamplataya,” kita n’yo, kailangan mong taglayin ang. . . Sa ibang salita, sinabi Niya, “Humayo’t ipakita ang Kapangyarihan ng Diyos, sa lahat ng mga bansa.”

<sup>212</sup> Ngayon masdan. Ang katungkulan ni Satanas ay para baliktarin ang Salita ng Diyos, sa pangangatwiran ng karunungan. Oh, naku! Oh! Pagkatapos ay kaniyang minamarkahan ang kaniyang mga nasasakupan, sa pamamagitan ng pagtangga sa orihinal na Salita. Ngayon papayaan iyan. . .

<sup>213</sup> Kayo ba’y—kayo ba’y—kayo papayagan n’yo ba ako ng sadyang kaunti pa, at kunin ito? Ito, ayokong malagpasan n’yo ito. Hayaan n’yong ipakita ko sa inyo ang tipo, para makita n’yo lahat iyan sa tipo at sa Salita, at lahat ng bagay. Ikaw—hindi mo. . . Hindi kayo dapat umalis na lito.

214 Sa Lumang Tipan, kapag ang isang tao ay naipagbili sa pagkaka-alipin. May darating na taon ng jubileo, tuwing ikalimampung taon. Ika-apatnapu'tsiyam na taon, at pagkatapos ang taon ng jubileo. At kapag narinig ito ng isang alipin, at nais niyang lumaya, walang—walang anumang bagay na makapipigil sa kaniya upang lumaya. Maaari niyang bitiwang ang kaniyang asarol, at sabihing, “paalam,” bumalik sa tahanan. Ang trumpeta ay tumunog. Iya’y tama.

215 Ngunit kung hindi niya nais na umalis, at siya ay kuntento na sa kaniyang panginoon ng mga alipin, kung gayon siya ay dadalhin tungo sa—sa—sa templo, at sila’y kukuha ng isang pambutas. . . . Alam ninyo kung ano ang isang pambutas. At kanilang didiinan ang kaniyang tainga, at maglalagay ng isang butas sa kaniyang tainga. At ito’y isang marka, na hindi na siya makababalik pa. Tama ba ’yan? Kailangan niyang paglingkuran ang panginoon na ito sa lahat ng panahon. Wala akong pakialam kung ilang beses pa tutunog ang jubileo, kahit anong mangyari. Lubos na niyang ipinagbili ang—ang kaniyang mga karapatan, ng pagiging malaya.

216 At kapag tinanggihan ng isang tao ang Ebanghelyong Katotohanan, tinatatakan siya ni Satanas (saan?) sa kaniyang tainga. Gagawin niya siyang bingi upang hindi na niya marinig pa ang Katotohanan, at siya’y tapos na. Siya ay mananatili sa grupo na kaniyang kinaaaniban, kung hindi niya pakikilingan ang Katotohanan. Hindi.

217 “Inyong malalaman ang Katotohanan, at ang Katotohanan ang magpapalaya sa inyo.” Kita n’yo, ang Katotohanan ang nagpapalaya.

218 Tinatatakan ng Diyos ang sa Kaniya kapag sila’y dumating. Tinatatakan ng Diyos ang sa Kaniya sa pamamagitan ng pagpapatibay ng Kaniyang ipinangakong Salita sa kanila. Iya’y eksaktong, San Juan 14:12. At isa pang bagay, kung nais ninyong isulat, Marcos 16. Sabi ni Jesus, “Ang mgaandang ito ay magsisisunod sa kanila na nagsisisampalataya.”

219 Ngayon kunin lamang natin iyan, sandali. Siya ba’y nagbibiro? [Kongregasyon ay nagsabing, “Hindi.”—Pat.] Ang ibig sabihin lang ba Niya. . . . Ang ibig sabihin lang ba Niya ay ang mga apostol, tulad ng sasabihin ng iba sa atin? [“Hindi.”]

220 Masdan. Basahin ang kapaliwanagan nito. “Humayo kayo sa. . .” Saan? [Sinabi ng Kongregasyon na, “Buong sanlibutan.”—Pat.] “Buong sanlibutan.” “Ipangaral ang ebanghelyong ito sa. . .” Ano? [“Bawat nilalang.”] “Bawat nilalang.” Halos ni hindi pa nito naaabot ang ikatlong bahagi ng daan nito. “Ang mgaandang ito ay susunod sa buong sanlibutan, sa bawat nilalang, saan man ipinangaral ang Ebanghelyong ito. Ang mgaandang ito ay magsisisunod sa

kanila na sumasampalataya,” hindi lamang sa isang munting dakot.

221 Tulad ng isang tao na nagsasabi sa akin minsan, “Binigyan lamang ng Diyos ang labingdalawang apostol ng mga kaloob ng pagpapagaling. At. . .” Oh! Kaya, marami sa mga kapatiran ang nakaupo rito nang tumayo siya upang sabihin iyan, kita n’yo. Nakakuha siya ng lubos niyan, sa loob ng ilang minuto.

222 Kaya ngayon pansinin, “Buong sanlibutan, sa bawat nilalang, ang mga tandang ito ay susunod.”

223 Huwag kunin ang di-pagsampalatayang marka ni Satanas. Ngayon, ilalagay niya iyan sa inyo ngayong gabi, kung magagawa niya iyan. Iduldol niya kayo sa dingding, at kayo ay lalabas at sasabihing, “Hindi ko alam ang tungkol diyan.”

224 Kayo’y umuwi at pag-aralan Ito, at pagkatapos ay maging sinsero, at manalangin. Dahil, lahat ng bagay ay napaka—ay napaka walang kamali-maling batay sa Kasulatan sa mismong oras na ito, itong sagradong sa panahon. Ito’y nagawa na sa mga taon, napatunayan, humantong ng tamang-tama dito. At ito na ang oras. Ito na ang panahon.

225 At ngayon huwag siyang hayaang iduldol iyan sa inyong tainga, ang kaniyang di-pagsampalatayang marka. Kita n’yo? Sapagka’t, siya ay isang di-mananampalataya, sa simula pa. Pinag-alinlanganan niya Ito. Tama. Oh, ni huwag papayagang. . . Huwag siyang payagang kunin ang Kasulatan, ng kaniyang karunungan, at—at baluktutin Ito at baliktarin Ito ng kaniyang sariling karunungan, tungo sa mga kapangyarihan ng pangangatwiran. Maging mapagpakumbaba lamang kayo, at sabihing, “Sinabi nga ng Diyos, at iyan lang ang lahat na mayron dito.” Ngayon, oh, tayo’y. . .

226 Tayo ay magiging masyado nang huli, kaya mas mabuting tumigil na tayo mismo rito at—at magsimula na.

227 Ngayon tayo ay dumako sa Ikalawang Tatak. Nang ang pinatay, nabuhay na Cordero ay binuksan ito, at ang ikalawa, Hayop na parang guya, ay nagsabing, “Halika, tingnan kung ano nga ang hiwaga ng Tatak.” Kita n’yo? Ngayon naunawaan natin ito. Ang Cordero, tandaan, ay kailangang buksan ang bawat Tatak. At ang ikalawang Hayop. . .

228 Kung inyong napansin ito, sa karaniwang gawain kung saan katatapos pa lamang natin, kasama ng mga kapanahunan ng iglesya, katulad na bagay. Ang ikalawa. . . Una ay isang leon; ang sumunod ay isang—ay isang. . . ay tulad ng isang guya, o bisiro, o anong bagay, na inyong nakita.

229 At sabi ng Hayop na ito, “Halika, tingnan,” ngayon, at nang binuksan ng Cordero ang Tatak. At, pagkatapos, ay lumapit upang tingnan. At nang siya’y lumapit, anong nangyari? Tingnan natin kung ano ang kaniyang natuklasan ngayon. “Halika,

tingnan.” Mayroong isang hiwaga natatakan dito, na matagal na rito ngayon sa loob ng dalawang libong taon na halos. Tingnan natin kung ano ito.

230 Ngayon nalaman natin dito na nakita niya (ano?) ang isang pulang kabayo na lumabas. Ngayon, sa pagkakaunawa ko rito, sa pagkakaunawa ko, ang malaking tabak na ito na mayroon siya sa kaniyang kamay. . . Ngayon ay mayroon tayong tatlong bagay na dapat tingnan ngayon, sa mga susunod na labing-lima, dalawampung minuto. Tayo’y bumasa lamang at tingnan kung anong sinabi Niya rito. “At may lumabas. . .” Ang ika-4 na talata.

*. . . may lumabas na ibang kabayo na kabayong mapula, (ang unang isa ay maputi): at ang nakasakay dito ay pinagkaloobang mag-alis sa lupa ng kapayapaan, . . . upang mangagpatayan ang isa’t-isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.*

231 Ngayon mayroong mga simbolo dito, at nais nating tingnan yaon ng maigi. Ngunit, sa pagkakaunawa ko, ang pinakamainam na alam ko ngayon, nakita n’yo, si Jesus ay nanghula ng katulad na bagay sa Mateo 24. Kita n’yo? Sinabi Niya, “Ngayon kayo ay makaririnig ng mga digmaan, at mga alingawngaw ng mga digmaan, at sadyang mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan, at mga digmaan. At, subalit,” sabi, “ang lahat ng mga ito ay hindi pa. Nakita n’yo, ang panahon ay hindi pa.” Nakita n’yo, kanilang tinanong si Jesus ng tatlong katanungan. Kita n’yo? At sinagot Niya sila sa tatlong katanungan.

232 Doon ay kung saan napakarami sa kapatiran natin ang naguguluhan, pinipilit na ilagay. . . Ang mga kapatiran na Adbentista, tungkol doon sa, ikapitong araw at kung anu-ano pa, pabalik doon, ang. . . “Sa aba niya na nagluwal ng sanggol, na nagpapasuso, at ang mga tarangkahan ay isasara sa araw ng panginigilin,” at mga bagay na ganiyan. Oh! Ni hindi nga ito ukol sa katanungan, kita n’yo, ni hindi nga. Kita n’yo?

233 Sinasagot Niya kung anong kanilang itinanong, ngunit hindi Niya—hindi Niya—hindi iniangkop lahat iyan sa huling mga araw. Sinabi Niya, “Kayo’y makaririnig. . .” Ngayon tayo ay gumagawa sa isang bagay na ito rito. Tayo ay dadako sa iba pa nito, sa ilang mga gabi pa. Tingnan. Sinabi Niya, “Kayo’y makaririnig ng mga digmaan, at mga alingawngaw ng mga digmaan, at kung anu ano pa. Pagkatapos lahat ito ay hindi. . . Kita n’yo, pagkatapos sila’y—sila’y babalik muli, pagkatapos ibibigay nila kayo, at kung anu ano pang tulad nito. At lahat, lahat na hindi pa dumarating.”

234 Ngunit nang dumating na Siya sa oras na Siya’y mangungusap sa kanila tungkol sa kung anong itinatanong nila sa Kaniya, “ang katapusan ng sanlibutan.”

235 “Kailan magaganap ang lahat ng mga bagay na ito, kapag wala na kahit isang batong naiiwang nakapatong? Ano ang magiging tanda? At kailan darating, ang katapusan ng salibutan?” Kita n’yo, tinanong nila Siya ng tatlong bagay.

Pagkatapos nang Siya’y humantong sa, “Ang katapusan ng salibutan?”

236 Sinabi niya, “Kapag inyong nakita ang puno ng igos na nanariwa ang kaniyang mga usbong, ngayon ay inyong alam na ang oras ay nasa pintuan na. At katotohanang sinasabi ko sa inyo, na, hindi lilipas ang lahing ito hanggang sa mangaganap ang lahat.” Paano ang taong hindi sumasampalataya sa Diyos, na wala ang interpretasyon, ay nagnanais na sumandig diyan! Kita n’yo? Sinabi niya, “Ang lahing ito,” hindi ang lahi na Kaniyang ipinangusap, “ang lahi na nakita ang puno ng igos na pinananariwa na ang kaniyang usbong.”

237 Ngayon mayroon lamang akong nais itanong sa inyo. Sadyang—tumingin lamang sa isang bagay mismo rito sa harapan. Ang Israel ngayon ay, sa unang pagkakataon sa loob ng dalawampu’t limang daang taon, isa nang bansa. Ang pinaka matandang bandila sa buong mundo ay wumawagayway na sa Jerusalem ngayong gabi. Ang Israel ay nasa kaniya nang lupang-tinubuan.

238 Mayroong isang kapatirang lalaki rito minsan na nagnanais na maging isang misyonaryo, nakadamang tumungo’t mag-misyonaryo sa mga Hudyo. Ang sabi ko, “Maaaring makakuha ka ng isa paminsan-minsan.” Oh, iniisip ng mga taong, ang buong bansa! Hindi, ginoo.

239 Ang Israel ay nagbabalik-loob bilang isang bansa, hindi bilang isang tao. “Isang bansa ang ipanganganak sa isang araw.” Iya’y Israel. “Lahat ng Israel ay ligtas.” Alalahanin lamang iyan. Sinabi iyan ni Pablo, “Lahat ng Israel ay ligtas.” Ngayon pansinin, “Lahat ng Israel.” Iya’y eksaktong tama.

240 Ngayon pansinin ito. “Nguni’t,” sabi Niya, “kapag inyong nakita ang puno ng igos, at ang lahat ng iba pang mga puno, na nananariwa ang kanilang mga usbong.” Ngayon masdan. Hindi nagkaroon kailanman ng isang panahon, sa loob ng dalawampu’t-limang daang taon, na ang Israel ay umuwi sa kaniyang lupang-tinubuan. Nakuha natin ang munting palabas, ng *Tatlong Minuto Para Maghating-gabi*, alam n’yo. Naroon siya, isang bansa, ang bituin ni David na may anim na tulis, wumawagayway, at lahat ng mga bagay na ito.

241 Nagkaroon ba ng isang panahon na ang mga denominasyon ay nagkaroon ng mga rebaybal tulad ng nakamtan nila sa mga huling ilang taon? Ngayon pag-aralan lamang ito. Tayo ay nasa tahanan na.

242 Kailan ba namukadkad ang mga denominasyon sa ilalim ng ministeryo ng sinumang tao, tulad ng pamumukadkad nito kay

Billy Graham; mga Metodista, mga Baptist, at iba pa? Kailan ba nagkaroon ng isang tao, saliksikin ng husto ang inyong mga kasaysayan, na nagtungo na sa mga iglesyang pormal, sa pangalang nagtatapos sa h-a-m, noong una? Tinatanong lamang kayo. A-b-e. . .

<sup>243</sup> A-b-r-a-h-a-m. Ngayon tingnan, ang pangalan ni Abraham ay may pitong letra, A-b-r-a-h-a-m.

<sup>244</sup> Ngunit ang ating kapatid na Billy Graham, ay mayroong G-r-a-h-a-m, anim, hindi pito. Ang sanlibutan, diya'y kung saan siya naglilingkod, iglesyang natural.

<sup>245</sup> Iglesyang natural, ay si Lot, sa Sodoma. At nang ang taong ito ay tumungo roon at nangaral, at binulag sila sa Ebanghelyo.

<sup>246</sup> Ngunit mayroong Isa Na nanatili kay Abraham, at tinawag Siya ni Abraham na, "Elohim, Panginoon." Ngayon nang makita ni Abraham ang tatlong dumarating, sinabi niya, "Aking Panginoon."

<sup>247</sup> Nang nakita ni Lot ang dalawa na dumarating, sinabi niya, "Aking mga panginoon." Hayan ang inyong kaibahan. Nakita ninyo ang trinitaryan ninyong gawain? Kita n'yo?

<sup>248</sup> Sabi ni Jesus, "Kung paano sa mga araw ni Lot." Nakita n'yo iyan? Pansinin. Bilangin ito.

<sup>249</sup> Ngayon, mayroong Isa na dumating sa Iglesyang espirituwal, ang Nobya, si Abraham, na wala sa—sa Sodoma, sa simula pa. At masdan kung ano ang Kaniyang ginawa. Hindi Siya gumawa ng anumang pangangaral tulad nang kanilang ginawa. Tinuruan niya sila, ngunit pagkatapos ginawan nila sila ng mga tanda sa harapan nila. Ginawa Niya ang maka-Mesiyas na tanda. Itinalikod Niya ang Kaniyang likod sa tolda, at sinabi Niya, "Abraham." Ngayon tandaan, ang kaniyang talagang pangalan, mga ilang araw bago iyan, ay Abram. Ngunit sinabi Niya, "Abraham, nasaan ang iyong asawa, si S-a-r-a-h?" Mga ilang araw bago iyan, ito ay tinawag na S-a-r-r-a.

Sabi ni Abraham, "Siya ay nasa tolda, sa Iyong likuran."

<sup>250</sup> At sinabi Niya, "Abraham, Ako. . ." Naroon ang inyong panghalip na panao muli. "Ako ay dadalaw sa iyo ayon sa pangako na Aking ginawa sa iyo." Nakita n'yo kung ano iyon. Kita n'yo? Isang Tao, na mayroong mga alikabok sa Kaniyang damit, kumakain ng karne ng guya, at umiinom ng gatas mula sa baka, at kumakain ng mais na tinapay. Oo, ginoo. Ang Diyos, Elohim, nahayag sa laman!

<sup>251</sup> Naipangako, sa huling araw, upang ihayag ang Kaniyang Sarili sa laman muli! Pansinin.

"Abraham, nasaan ang iyong asawa, si Sarah?"

"Siya ay nasa tolda, sa Iyong likuran."

Sabi, "Ako'y dadalaw sa inyo."

252 At ang babae, siyempre, sa pagiging isang daan taong gulang, siya ay medyo natawa ng lihim sa kaniyang sarili; doon sa tolda ngayon, sa likod ng mga tabing ng tolda. Sinabi niya, “Ako, isang matandang babae.” Buweno, iyan ay tumigil na sa kanilang dalawa, bilang mag-asawang lalaki at babae, mga taon na, alam n’yo na, ‘pagka’t siya ay sangdaan taong gulang na, at—at—at siya ay siyamnapu. Sabi, “Hindi iyan mangyayari kailanman.”

253 At sinabi Niya, “Bakit siya tumawa?” Whew! Ang Kaniyang likod ay nakatalikod sa tolda, “Bakit siya tumawa, sinasabing, ‘Paano mangyayari ang mga bagay na ito?’” Kita n’yo, nagpakita Siya sa kaniya ng isang tanda.

254 Ngayon ipinangako Niya na ito ay mauulit sa huling panahon, muli.

255 At ang dalawang lalaki ay bumaba roon at ipinangaral ang Salita, at sinabi sa kanila na umalis mula roon; ang lugar ay masusunog, at kung anu-ano pa. At nangyari nga ito. At si Lot ay nagsumikap palabas; ang iglesyang natural, na nasa kasalanan, at nasa putikan, ngunit gayun pa man ay nagsusumikap kasama ng kanilang mga organisasyonal na mga programa. Ngunit ang Nobya . . .

256 Ang isang Taong iyan ay hindi kailan man pumunta sa kanila. Siya ay dumating lamang at tinawag ang Nobyang tipo. Ngayon tayo ay nasa mga huling araw. Kita n’yo? Ngayon pansinin.

“Sabi n’yo roon, ‘Diyos, na nahayag sa laman?’”

257 Sabi ni Jesus, Siya mismo, “Paano n’yo Ako hahatulan?” Sabi, “Hindi ba ito’y nasusulat sa inyong Biblia, sa inyong mga kautusan, na sila, ang mga propeta, kung kanino ang Salita ng Diyos dumating. . .” Sabi ni Jesus, “Ang Salita ay dumating sa mga propeta,” ‘pagka’t Siya ay Iskriptural sa lahat ng mga bagay. Sinabi Niya, “Ngayon, sinabi ng Salita ng Diyos, na, ‘Ang Salita ay dumating sa mga propeta.’ At tinatawag n’yo silang ‘mga diyos,’ sapagkat ang Salita ng Diyos ay dumating sa kanila.” Sabi, “Kung gayon paano n’yo Ako hahatulan kapag sinabi Ko na Ako ang Anak ng Diyos?” Sa kanilang sariling kautusan, Kaniya silang binara. Hayan ka na. Kita n’yo?

258 Ngayon nasaan na tayo? Tayo’y nasa huling kapanahunan. Ngayon makinig na maigi ngayon.

259 Ngayon natuklasan natin na magkakaroon ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan. At ngayon nakita natin na ang puno ng igos ay pinananariwa na ang kaniyang mga usbong. At ang ibang mga puno ay pinananariwa na ang kanilang mga usbong. Mga Metodista, mga Baptist, mga Presbiteryan, at lahat, pinananariwa ang kanilang mga usbong, isang malaking rebaybal ang nagaganap.

<sup>260</sup> Ngayon ako ay naniniwala na tinitipon ng Diyos ang Nobya para sa huling oras na iyan, ang Hirang. Oh, naku! Ngayon pansinin.

<sup>261</sup> Bigyang natin ng pansin ngayon ang nakita ni Juan, pagkatapos, itong mga bagay na kaniyang nakita. “Isang mapulang kabayo; at ang kaniyang mangangabayo ay lumabas, kapangyarihan ay binigay sa kaniya upang pumatay sa pamamagitan ng isang malaking tabak.” Ngayon heto ang kapahayagan ko nito. Ito ay si Satanas, muli. Ito’y ang Diablo, muli, sa ibang anyo. Ngayon, alam natin na—na iyang mga Tatak ay tumukoy . . . tulad ng sinabi ko noong isang gabi. At ang mga trumpeta ay tumutukoy sa—sa—sa mga digmaang sibil, kita n’yo, sa mga tao, sa mga bansa. Ngunit inyong natuklasan, rito, na ang lalaking ito ay may tabak, kaya siya’y tumutukoy sa iglesya, politikal na digmaan. Ngayon maaring hindi n’yo isipin iyan, ngunit masdan n’yo lamang ito sa ilang minuto, mga ilang minuto lang.

<sup>262</sup> Pansinin ang pagbabago ng kulay ng mga kabayong ito. Siya ring mangangabayo; pagbabago ng kulay ng mga kabayo. At ang isang kabayo ay isang hayop. At ang hayop, sa Biblia, sa ilalim ng isang simbolo, ay nagrerepresenta ng isang kapangyarihan. Ang siya ring sistema na nakasakay sa panibagong kulay, kapangyarihan, mula sa inosenteng puti patungo sa isang madugong pula. Kita n’yo? Masdan siya ngayon, kung paano siya dumarating.

<sup>263</sup> Nang siya’y unang magpasimula, siya ay sadyang, buweno, siya ay isa lamang doktrina sa—sa, sa kalagitnaan ng, tinawag na Nicolaitanismo. Siyempre, hindi iyan papatay ng anumang bagay. Iya’y Apocalipsis 2:6, kung nais n’yong isulat iyan. Hindi siya papatay ng anumang bagay. Ito’y isang doktrina lamang, isang espiritu lamang sa kalagitnaan ng mga tao. Ngayon, hindi siya papatay ng anuman. Oh, siya ay napa- kainosente, sumasakay sa maputing kabayong ito. “Buweno, alam n’yo, maaari tayong magkaroon ng isang malaki’t pangkalahatang iglesya. Maaari nating tawagin itong pangkalahatang iglesya.” Kanila pa ring ginagawa. Tama. Kita n’yo? Ngayon, “Maari tayong magkaroon . . .” Oh, ito’y ganap na inosente. At, oh, ito’y napakainosente. “Ito’y isang grupo lamang ng mga tao. Tayong lahat ay magsasama-sama para sa pagtitipon.” Kita n’yo, ito’y napakainosente; ito’y maputi, ang maputing kabayo nga noon. Kita n’yo?

<sup>264</sup> Ngayon, kaya ang mga dignitaryo, at ang mga nararamitan ng mas mainam, at ang mga edukado, alam n’yo na, parang tulad ng mga ibong-pare-pareho-ang-balahibo, alam n’yo, “Ating—ating tipong pagsasama-samahin ang mga bagay. At ang mahirap na lupon na iyan, aba, kung gusto nilang sumama, buweno, o sige, ngunit tayo-tayo’y kukuha ng isang mas mainam na uri na pupunta sa iglesya natin. Kung atin lamang mailalabas



ang ating mga sarili mula rito, tayo'y— tayo'y magiging isang— tayo'y magiging isang pangkat ng mga Mason, at kung anu-ano pa, alam n'yo. Atin—atn lamang iaayos ang mga bagay, o, Kakatwang Taong Lohiya,” tulad nila. At kaya pagkatapos. . . Hindi ang Kakatwang mga Tao Lohiya ngayon, ngunit alam n'yo na ibig kong sabihin. Kaya, ito'y kakatwa sa mga tunay na mananampalataya. Ngayon, datapuwa't, sa ibang paraan, sa ibang mga salita, “Nais namin ang isang munting grupo, isang maliit na samahan na aming matatawag na aming sarili.” Ito'y isang doktrina lamang, napakainosente. “Mga kapatid, bakit, wala kaming anumang laban sa inyong mga tao, tiyak na wala. Lahat kayo ay mabuti, ngunit, alam n'yo, aming nararamdaman na—na kami'y may tungkulin at bawat. . . Kami, kami'y mas magiging mabuti kung kami lamang sa aming mga sarili ang magsasama-sama.” Kita n'yo? Sa wakas ito ay nagpatuloy hanggang sa ito ay maganap, oo, ginoo, nagsama-sama.

<sup>265</sup> Ngunit kapag itong kakila-kilabot, mapandayang espiritu (oh, naku!) ay nagkatawang-tao, sa nagkatawang-taong espiritu; ang doktrinang espiritung ito ay nagkatawang-tao, upang kunin ang lugar ni Cristo, tungo sa isang tao. Ito ay kailangang sambahin, pagkatapos, naging kailangang sambahin tulad ni Cristo. Sa ibang mga salita, doon sa Vatican. . . Nanggaling na ako roon. Ito ay nakasulat, “VICARIVS FILII DEI,” at ito'y nasulat sa Romanong mga numero. Ngayon, kayo ay gumuhit lamang ng isang hanay sa ilalim ng mga Romanong numerong iyon. At ito'y nangangahulugang, “Kahalili ng Anak ng Diyos.” Siya, sa ibang salita, siya'y isang bikaryo. Alam n'yo ba kung ano ang bikaryo; sadyang kumukuha sa lugar ng isang bagay. Siya ay isang kinatawan, “Kahalili ng Anak ng Diyos.”

<sup>266</sup> At ang sabi ng Biblia, “Hayaan siya na may kaloob ng karunungan ay bilangin ang bilang ng hayop, sapagka't ito ay bilang ng isang tao. At ang kaniyang bilang ay anim na raan at animnapu't anim.” Ngayon, kunin ninyo ang VICARIVS FILII DEI, at gumuhit ng isang linya, sa mga numerong Romano; ang “V” ay para sa lima, at ang “I” para sa isa. . . At pagsamasamahin iyan, at tingnan kung hindi n'yo makuha ang anim na raan at animnapu't anim.

<sup>267</sup> Ang sabi ng Biblia, “Siya ay luluklok sa templo ng Diyos, sinasambang tulad sa Diyos.” Nang ang munting doktrinang iyan ay naging isang nagsakatawan, ito'y naging isang bikaryo, “Kahalili ng Anak ng Diyos.” Kita n'yo? Oh, naku! Iyang kakila-kilabot, mapandayang espiritu! Kung nais ninyong basahin iyan, basahin sa Ikalawang Tesalonica 2:3, at inyong makikita kung nasaan iyan.

<sup>268</sup> At, siyempre, inyong matatandaan na si Satanas ang pangulo ng lahat ng mga pulitikal na kapangyarihan, ng bawat bansa. Gaano karami ang nakakaalam nayan? [Kongregasyon nagsabi

ng, “Amen.”—Pat.] Nais ninyong isulat iyan? Mateo 4:8, “Dinala ni Satanas si Jesus tungo sa ng isang mataas na bundok, at ipinakita niya sa Kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanlibutan, na narito na o darating pa lang, sa isang sandali ng panahon.” Mangusap tungkol sa isang tao! Sinabi niya, “Ibibigay ko sila sa Iyo, kung Iyo akong sasambahin.” At alam ni Jesus na Siya ay magiging tagapagmana sa mga iyon.

<sup>269</sup> Iyan nga ang sinasabi nila, “Aba, kayong mga lupon ng mahihirap na mga holly roller!”

<sup>270</sup> Aba, nakuha namin ang mundo! “Ang mababang loob ay magmamana ng lupa.” Iyan ang sabi ni Jesus. Kita n’yo? Kita n’yo?

<sup>271</sup> Pansinin, alam ni Jesus na Siya ay magiging tagapagmana sa mga iyon, kaya sinabi niya, “Lumagay ka sa likuran ko, Satanas. Ito’y nasusulat,” ibinalik sa Kasulatan muli, kita n’yo, “‘Sasambahin mo ang Panginoon, at Siya lamang.’” Kita n’yo?

<sup>272</sup> Ngayon—ngayon kapag—kapag siya, bilang ang pangulong demonyo, ay nagkatawang tao rito sa super, relihiyosong tao, tulad ng inihula ng Biblia, pagkatapos ay pag-iisahin niya ang kaniyang iglesya at pamahalaan. Kapwa sa kaniyang sariling mga kapangyarihan ay magkasamang pinag-iisa. Kita n’yo?

<sup>273</sup> Nang ang anti-cristong espiritu ay lumabas, ito ay isang espiritu. Pagkatapos ito ay naging ano? At pagkatapos ay naging . . . Ngayon masdan ang Tatak na ito. Nang ang espiritu ay lumabas, ito ay anti-cristo, laban sa katuruan ni Cristo. Tama. Ang sumunod na bagay na ginawa . . . Kung ano ang inilaan ni Cristo para sa Kaniyang Iglesya na gagawin, iyon ay laban sa kasalanan. “Oh, Ito ay hindi nangangahulugan ng ganiyan. Ito ay hindi nangangahulugan ng ganoon. Iyan ay para sa ibang tao. Na, na naroon mga ilang daang taon na ang nakalipas, pabalik doon. Iyan, iyan ay hindi para sa atin.” Kita n’yo? Iyan, kita n’yo, *anti*, “laban.” Pagkatapos ito ay naging . . .

<sup>274</sup> Ngayon, ang mangangabayo ay lumabas, siya—siya ay walang korona, ngunit siya ay binigyan ng isa. Ang maputing kabayong iyan; mayroon siyang isang busog, walang mga palaso. Kita n’yo? Kaya nga nang siya’y lumabas . . .

<sup>275</sup> Pagkatapos, makaraan ang ilang panahon, siya ay binigyan ng isang korona, sapagka’t hindi kayo maaaring maglagay ng isang korona sa isang ulo ng espiritu. Ngunit, nang, ang espiritong ito ay nagsakatawang-tao sa ikalawang gawain ng kaniyang—ng kaniyang dispensasyon ng kaniyang pagiging mahiwaga, ang ikalawang gawain, siya ay naging isang kinoronahan, bulaang propeta, sa kagagawan ng anti-cristong espiritu. Ngayon, nakita natin siya ngayon, ngayon. Ngayon siya ay naging iyan, nang kaniyang kinuha iyan. Pagkatapos, Kaniya, na, kontrolado na ni Satanas ang mga kapangyarihang pulitikal ng sanlibutan.

276 Ngayon siya ay tumungo sa isang dako hanggang sa siya ay gagawa ng isang pangdaig-digang kapangyarihan ng iglesya, kumukuha ng pangrelihiyong kapangyarihan. At hindi n'yo ba nauunawaan, mga kapatid ko, na sa...Nang, ang bansang ito ay lumabas sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis, ang munting hayop na ito na umahon tulad ng isang cordero. At ito ay mayroong dalawang sungay, sibil at pangsimbahang kapangyarihan, ngunit ginawa niya ang katulad na bagay na ginawa ng hayop na nauna sa kaniya.

277 Ito'y kakaiba, ang America ay bilang na labing-tatlo, at isang babae. Ito'y kakaiba, ito ay lumitaw maging sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis. Tayo ay nagpasimula na mayroong labing-tatlong guhit sa bandila, labing-tatlong mga bituin. Lahat ng bagay ay "labing-tatlo, labing-tatlo, labing-tatlo, labing-tatlo," lahat sa pagpapatuloy. Lahat ng bagay ay "babae, babae, babae," lahat sa pagpapatuloy.

278 At ito sa wakas ay magtatapos, (inihula ko ito), siya ay kokontrolin ng isang babae. Alalahanin, iyan ay tatlumpung taon na ang nakakalipas, sinabi ko iyan. At—at ang—ang pitong bagay na inihula ko, lima sa kanila ay naganap na. At nakuha na nila ang tao mismo roon ngayon upang ipasok siya. At ibinoto n'yo iyan papasok, sa pamamagitan ng inyong pulitika roon. Oo. Huh! Tama.

279 Napakaraming masasabi, hindi ka halos makadako kung saan mo nais tumungo. Pansinin ngayon. Hindi ko na kayo pagtatagalin kundi mga ilang sandali na lang, kung kailangan kong ipagpatuloy bukas ng gabi.

280 Tingnan. Pansinin. Nang si Satanas...Ngayon, lahat ng tao, na, napagtanto na si Satanas ang kumukontrol sa lahat ng kapangyarihang pulitikal ng mundo. [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ganoon nga ang sinabi. Mateo sa ika-4 na kabanata, kunin n'yo iyan, at ang ika-8 talata. Lahat ng mga kaharian ay nabibilang sa kaniya. Iyan ang dahilan na sila'y naglalaman-laban, nagdidigma, pumapatay. Ngayon tandaan.

281 Hindi ba iyan kakaiba? Sila ay pinagkalooban nitong tabak, upang magpatayan ang bawat isa. Oh, oh, oh, naku! Pansinin ngayon.

282 Ngayon, nang gawin niya iyan, hindi pa niya hawak ang pangsimbahang kapangyarihan. Ngunit siya ay nagpasimula na kasama ang isang demonyo ng isang bulaang katuruan. At ang katuruang iyan ay naging isang doktrina. Ang doktrinang iyan ay nagsakatawang-tao sa isang bulaang propeta.

283 At pagkatapos siya ay tumungo lamang sa tamang dako. Hindi kailanman siya tumungo sa Israel, ngayon. Siya ang nagtungo sa Roma; Nicaea, Roma.

284 Ang konseho ay ginanap, at sila'y humirang ng isang pangulong obispo. At pagkatapos, sa paggawa nito, pinagkaisa

nila ang iglesya at ang pamahalaan. Pagkatapos, binitiwang niya ang kaniyang busog. Bumaba siya sa kaniyang maputing kabayo. Sumakay siya sa kaniyang mapulang kabayo, sapagka't magagawa niyang patayin ang sinuman na hindi sumang-ayon sa kaniya. Hayan ang inyong Tatak. Siya ring tao! Masdan siyang sumakay patungo sa Kawalang Hanggan doon, kasama ito, kita n'yo, pinag-isa kapwa ang kaniyang mga kapangyarihan.

<sup>285</sup> Ang gayun ding bagay na kanilang sinisikap na gawin ngayon, gayun ding bagay, sa araw na ito. At isang kakaibang bagay, marahil ay hindi n'yo nauunawaan ito. Ngunit, sa araw na ito, mula sa isang grupo ng Baptist sa Louisville. . . Narinig n'yo iyan sa radyo. Isang tagapagsalita ang tumayo at. . . Ilan ang nakarinig nito? Tama. Kita n'yo? Mabuti, heto na kayo. Gusto nilang, at hiniling sa iglesya ngayon, na hindi na natin talagang, oh, sadyang parang kailangang sumapi sa iglesya Katolika, ngunit parang kailangan nating makipagtipon sa kanila. Nakuha. . . At, habang iyan ay nagaganap sa Louisville, dito naman ay inihahayag ng Diyos ang Tatak sa Kaniyang bayan, upang ipakita iyan, "Huwag gawin iyan!" Nakita silang kapwa gumagawang magkasama? Alalahanin, ang uwak at kalapati ay umupo sa gayun ding posteng dapuan, sa arka. Tiyak. Alalahanin lamang.

<sup>286</sup> Ngayon napag-alaman natin, pinagkaisa niya ang kaniyang kapangyarihan, pagkatapos, nang siya ay naging kapwa pamahalaan at iglesya, ang pangsimbahan. Pagkatapos ano ang inyong gagawin? Binuo niya ang kaniyang sariling relihiyon. At ngayon magagawa niya anumang nais niyang gawin. Pagkatapos, mayroon siyang karapatan na ipapatay ang sinumang hindi sasang-ayon sa kaniya. Iyan eksakto ang kaniyang ginawa, din. At ginawa niya iyan ng sadyang tamang-tama. At anong kaniyang—kaniyang. . . Ginawa niya iyan sa mga tunay na banal ng buhay na Diyos, na tumupad sa Salita at hindi sumang-ayon sa kaniya sa kaniyang mga dogma. Pinatay niya sila.

<sup>287</sup> Ngayon, Kapatid na Lee Vayle, at kayong mga tagapagturo rito ng kapanahunan ng Nicaea at ng sinaunang iglesya, hindi ko alam kung nabasa n'yo ito o hindi. Kung gusto ninyong basahin ito, dumako sa *Maluwalhating Repormasyon ni Schmucker*.

<sup>288</sup> At matutuklasan n'yo ito, na, nang si San Augustine ng Hippo ay naging isang pari sa ilalim ng Romanong iglesya, nagkaroon ng oportunidad, hanggang isang pagkakataon ang Banal na Espiritu ay nagtangkang pumasok sa kaniya, at tinanggihan niya Ito. Ilan ang nakakaalam niyan, bilang isang tagapagturo? Kaya, tinanggihan niya ang Espiritu Santo. Iyan eksakto kung ano, isang uri ng Protestanteng iglesya ngayon, na tinanggihan ang Espiritu Santo. Bumalik siya sa Hippo, at siya mismo yaong pumirma niyan, ang papel na iyan na nagtataglay ng, "Ang kapahayagan mula sa Diyos, na iyan ay ayos lang

at kasiya-siya sa Diyos, na patayin ang bawat tao na hindi naniniwala sa Romano Katolikong iglesya.”

289 Ngayon makinig. Ako ay bumabanggit mula sa talaan ng mga martir, “Mula sa panahon ni—ni San Augustine ng Hippo, mga hanggang 1586,” sa Romanong talaan ng mga martir, “ang Romano Katolikong iglesya ay pumatay ng animnapu’t-walong milyong mga Protestante.” Ang tabak ba niya’y mapula? Siya ba’y sumasakay sa mapulang kabayo? Ano iyon? Ang siya ring kapangyarihan; ang siya ring mangangabayo. Hayaan na ang Tatak. Inamin nila, “animnapu’t-walong milyon,” sa talaan ng mga martir, liban pa roon sa mga pinatay sa labas niyan. Oh, habag! Sa panahon ng madilim na mga kapanahunan, mayroong mga milyon-milyong ipinakain sa mga leon, at pinatay sa lahat ng paraan, sapagka’t hindi sila lumuhod sa Katolikong dogma na iyan. Alam n’yo iyan.

290 Gaano karami pang oras mayroon kayo? [Kongregasyon ay nagsabing, “Maraming oras. Buong gabi.”—Pat.] Mabuti. Hayaan n’yo akong basahin ang isang bagay. Makipag-bukas sa akin ngayon, hayaan n’yong ipakita ko sa inyo ang isang bagay. Ating—isalarawan natin ang bagay na ito, sandali lamang. Sadyang nagkataong dumating sa isipan ko, at babasahin natin ito. Tayo’y magbukas sa Apocalipsis, sa ika-17 kabanata ng Apocalipsis. Mayroon pa tayong labing limang minutong natitira. Tama. Ngayon ay makinig ng talaga, talagang mabuti ngayon, habang tayo’y nagbabasa. Kayo na mayroong mga Biblia at nagbukas, bibigyan ko lamang kayo ng kaunting panahon, upang makuha n’yo ito.

291 Nakuha mo ba iyan, Lee? Sa Schmucker kung saan ko ito nakuha, kita mo, *Maluwalhatiang Repormasyon*, na kinuha mismo mula sa talaan ng mga martir ng Roma, sa Vatican.

292 Ngayon, iyan ay hanggang sa pag-uusig sa mga tao ni San Patrick. At pagkatapos ay tinawag nila si San Patrick na kanilang—kanilang santo. Huh! Si San Patrick ay halos kasing tulad ko na Katoliko; at alam ninyo kung gaano nga ako. Kita n’yo? Kaniyang—kaniyang kinapootan ang doktrina ng iglesya. Tumanggi siyang pumunta sa papa. Oo, ginoo. Si San Patrick pa nga. . . Bakit, kayo, nakapunta na ba kayo sa Hilagang Ireland, kung saan naroon ang kaniyang mga paaralan? Alam n’yo, ang kaniyang pangalan ay hindi Patrick. Ilan ang nakakaalam niyan? Ang kaniyang pangalan ay Sucat. Iya’y tama. Nawala ang kaniyang munting kapatid na babae. Natatandaan n’yo ba nang sila. . . Kita n’yo? Mabuti.

293 Ngayon pansinin, ika-17 kabanata ng Apocalipsis. Ngayon lahat kayo’y magsikap na buksan lamang ang inyong puso. Hayaang turuan kayo ng Banal na Espiritu ngayon.

. . . dumating sa akin ang isa sa pitong anghel na may—na may pitong mangkok, . . .

<sup>294</sup> Ngayon, kita n'yo, mayroong Pitong Mangkok. Alam n'yo, itong mga tig-pito, habang tayo'y nagpapatuloy, lahat sila ay naganap sa gayunding panahon; sinusundan ang mga Salot, sinusundan ang mga kapanahunan ng iglesya, sadyang gayun din, 'pagkat lahat iyan ay natatakan sa loob ng isang Aklat na iyan, lahat ng bagay. At lahat ng bagay ay naganap lamang sa pagkasunod-sunod; ang isa ay tumutungo mismo sa isa pa, at ang isa pa, at ang isa pa. Mayroong dalawang espiritu na gumagawa; Diyos, at ang Diablo. Kita n'yo?

. . . *na may pitong huling mangkok, at siya'y nagsalita sa akin, na nagsasabi . . . Pumarito ka; at ipakikita ko sa iyo . . . sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na nakaupo sa maraming tubig;*

<sup>295</sup> Ngayon tumingin dito, banda rito, iyang, "mga tubig."

<sup>296</sup> "Patutot," ano iyan? Iya'y isang babae. Hindi maaaring maging isang lalaki. At ano ang isinisimbolo ng isang babae sa iglesya, sa Biblia? Iglesya. Bakit? Nobya ni Cristo, at iba pa; kita n'yo, ito'y isang babae, ang iglesya.

<sup>297</sup> Ngayon, "mga tubig," anong ibig sabihin niyan? Masdan dito. Basahin ang ika-15 talata nito roon.

*At sinabi niya sa akin, Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patotot, ay mga bayan, . . . at mga karamihan, . . . at mga bansa, at mga wika.*

<sup>298</sup> Ang iglesyang ito ay naghahari sa buong mundo, kita n'yo, "Nakaupo sa maraming tubig."

*Na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa, ispiritwal na pakikiapid (kinukuha ang kaniyang doktrina, doktrina ng Nicolaita), at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid.*

<sup>299</sup> Naku, mangusap kayo tungkol sa isang lasing na pangkat, doon! Ikaw. . .

*At ako'y kaniyang dinalang nasa espiritu sa isang ilang; at nakita ko ang isang babae . . .*

<sup>300</sup> At alam n'yo ba kung ano? Ang sariling akda ng Katoliko ay umaamin na ito ay kanilang iglesya. Ilan ang nakakaalam niyan? Mismo sa kanilang sariling akda. Taglay ko ang *Mga Katotohan Ng Aming Pananampalataya*, ito'y tinawag, ngayon, kita n'yo; pag-aari ng isang pari. Tama. O sige.

*At ako'y kaniyang dinalang nasa Espiritu sa isang ilang; at nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula, na puno ng mga pangalang pamumusong, na may pitong ulo at sangpung sungay.*

<sup>301</sup> Ngayon masdan lamang iyan, ang simbolong iyan, iyang "pitong ulo." Ngayon nakita n'yo rito kung saan sinabi ito, "At ang—at ang—at ang. . . Ang mga ulo na iyong nakita ay pitong

bundok na kinauupuan ng babae.” Ang Roma ay nakaupo sa pitong bundok. Kita n’yo? Ngayon walang pagkakamali tungkol riyon, kita n’yo, “Pitong ulo.” “At sampung sungay,” alam n’yo, sampung kaharian, at iba pa.

*At nararamtan ang babae ng kulay-ube . . . ng pula, . . . at nahihiyasan sa ginto at ng mga mahalagang bato . . . mga perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng mga kasuklamsuklam—kasuklamsuklam ng mga bagay na marurumi ng kaniyang pakikiapid:*

<sup>302</sup> Iyang anti-cristong espiritu, “pakikiapid,” kita n’yo, “katuruan,” na gumagawa ng pangangalunya sa Diyos. Kita n’yo? Ngayon, siya ay dapat na maging isang Nobya, kita n’yo; at gumagawa ng pangangalunya. Kita n’yo? Tulad na lamang ng ginawa ni Eva, tulad na lamang ng ginawa ng iglesya roon. Kita n’yo?

*At sa kaniyang noo ay nakasulat, ang isang pangalan, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, . . .*

<sup>303</sup> At sinuman ay nakakaalam, na ang “BABILONIA” ay ang Roma.

*. . . INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAMSUKLAM SA LUPA.*

<sup>304</sup> At pakinggan ang ika-6 na talata.

*At nakita ko ang babae na lasing sa dugo ng mga banal, at sa dugo ng mga martir ni Jesus. At nang aking makita siya, ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas.*

<sup>305</sup> Siya ay isang napakagandang bagay, na mayroong mga krus at lahat ng bagay sa kaniya! “Paanong sa mundo siya’y magiging ang may sala nang pag-inom sa dugo ng mga santo?” Ito’y palaisipan sa kaniya. Ngayon Kaniyang sasabihin sa kaniya.

*At sinabi sa akin ng anghel, Bakit ka nanggilalas? Sasabihin ko sa iyo ang hiwaga ng babae, at . . . ng hayop na sinasakyan niya, . . .*

<sup>306</sup> Ngayon, ito ay hindi saklaw ng isa sa mga Tatak. Ito ay ibang bagay pa, kita n’yo.

*At Sinabi niya . . . ang pitong ulo at ang sampung sungay.*

*Ang hayop . . . na iyong nakita ay naging siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman (walang pundasyon, ang papa), at patungo sa kapahamakan. At silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay, (hayang ang Hinirang, kita n’yo), buhay mula nang itatag ang sanglibutan, . . .*

307 Paano, kailan nailagay ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay? Sa rebaybal na iyan na inyong dinaluhan? Hindi, ginoo. “Mula ng itatag ang sanlibutan.”

*. . . nang nakita nila ang hayop kung paanong naging siya, . . . at wala na, at darating.*

308 Kita n’yo, “ang hayop,” ang isa ay mamamatay, at ang isa pa ay kukunin ang kaniyang lugar. “Naging Siya; wala na siya. Naging siya; wala na siya. Naging siya; at nawala na.” At siya’y tutungo ng tuloy—tuloy sa kapahamakan, sa paraang iyan. Kita n’yo? Mabuti.

*At narito-at narito ang pag-iisip na may karunungan.*

309 Ilan ang nakakaalam na mayroong siyam na espirituwal na mga kaloob, at isa sa kanila ay karunungan? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mabuti.

*Ang pitong ulo ay pitong bundok, na kinauupuan ng babae.*

310 Oh, kailangan mong maging ganap na bulag, bingi at pipi, upang hindi maunawaan iyan. Kita n’yo? Mabuti.

*. . . at sila’y pitong hari: ang lima ay nangabuwal, at isa’y si (Nero), at . . . ang isa ay hindi darating; at pagdating niya ay dapat magtagal ng sandaling panahon lamang.*

311 Naalala n’yo ang kaniyang ginawa. Sinunog ang siyudad, at ipinaratang ito sa mga Cristiano. At inilagay ang kaniyang ina sa isang isang punong kahoy na hila ng kabayo at itinakbo siya sa mga lansangan. At nagbiyolin, habang nasusunog ang Roma. Tama.

*At ang hayop na naging siya, at wala na, ay siya ring ikawalo, . . .*

312 Paganong Roma, nadala patungo sa papal na Roma. Nang ang nagsakatawan na anticristong espiritu ay nagsakatawang-tao, at kinoronahan, siya ay ginawang isang kinoronahang hari ng Roma, kapwa sa pamahalaan at sa iglesya, magkasama. Oh, kapatid! Kita n’yo, ito’y sadyang puno nito. Kita n’yo?

*. . . at . . . siya’y sa ikapito, at siya’y patungo . . . (Gaano katagal siya tumagal? Hindi nila binago ang sistema.) . . . sa kapahamakan.*

*. . . ang sampung sungay na inyong nakita ay sampung hari, na hindi pa nagsisitanggap ng kaharian ng hari; datapuwa’t magsisitanggap sila ng kapamahalaang paghahari na isang oras na kasama ng hayop.*

313 Iya’y mga diktador, kita n’yo, siyempre. “Ang mga ito ay may isang kaisipan.” Ngayon tumingin dito. Hindi ito tumutukoy sa komunismo. Kita n’yo?



*Ang mga ito ay may isang kaisipan, at ibinigay nila ang kanilang kapangyarihan at kapamahalaan sa hayop.*

*Makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero, at sila'y dadaigin ng Cordero sapagka't Siya'y Panginoon ng mga panginoon, at Hari ng mga hari: at ng mga kasama niya na mga tinawag, . . . mga pili at mga tapat.*

*At sinabi niya sa akin, Ang mga tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot, ay mga bayan, . . . mga karamihan, mga bansa at mga wika.*

*. . . ang sangpung sungay na iyong nakita, at ang hayop, ay siyang napopoot sa patutot, at ang kasunduang iyan ay nasira. . . (Ipinangusap ko iyan kagabi.) . . . at siya'y pababayaan at huhubaran, at kakanin ang kaniyang laman, at siya'y lubos na susupukin ng apoy.*

314 Hindi n'yo ba alam na sinabi ng Biblia na ang mga Kapitan ng barko, at lahat ng mga bagay pa, ay nagsabing, "Sa aba, sa aba, ang dakilang siyudad na iyan! Paanong natamo nito ang kaniyang wakas sa isang oras!" Kita n'yo?

*Sapagka't inilagay ng Dios sa kanilang mga puso na gawin ang kaniyang kalooban, at mangagkaisa, at ibigay ang kanilang kaharian sa hayop, hanggang sa maganap ang mga salita ng Dios.*

*. . . ang babae na iyong nakita ay ang dakilang bayan, na naghahari sa lahat ng mga hari sa lupa.*

315 Magsabi sa akin ng isa. Ang Russia ay hindi naghahari sa lahat. Tayo'y hindi naghahari sa lahat. Mayroon tanging isang hari na naghahari sa bawat. . . tulad ng bakal na iyan ni Nebuchadnezzar na tumuloy sa bawat isa sa mga daliri ng kanilang paa. Iya'y Roma. Hindi ito ginagawa ng Roma bilang isang bansa; ginagawa niya ito bilang isang iglesya. Bawat bansa sa ilalim ng kalangitan ay sa Roma.

316 Hindi nakapagtata kang sinabi nilang, "Sinong makakagawa ng pakikipagdigma sa kaniya?" Kaniyang masasabing, "Kapayapaan," [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri ng minsan—Pat.] iyan ang umayos nito. Bawat Katoliko ay nagsasabing, "Ito'y, 'Huwag maglaban-laban,'" at— at hindi sila nakikipaglaba. Iyan lang. "Sinong makakagawa ng kaniyang nagagawa?" Walang sinuman. Iya'y tama. "Kaya sila'y namangha sa mga himalang kaniyang magagawa." Kaya niyang magpatigil ng digmaan. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri ng minsan.] Ang tanging bagay lamang na dapat niyang gawin ay sibihing, "Tumigil." Iyan lang. Ngunit sa palagay n'yo ba'y gagawin niya ito? Tiyak na hindi.

<sup>317</sup> Pansinin, tunay na ipinapakita niyan, “Kailangang mangagpatayan sila sa isa’t-isa. Kailangang patayin nila ang bawat isa.” Ang kaniyang pana ay walang mga palaso, sa una, ngunit ang kaniyang “malaking tabak” ang gumawa. Ginawa niya ang kaniyang pagpatay, bandang huli, at nagbago mula sa maputing kabayo tungo sa mapulang kabayo; gayundin, tamang-tama, Diablo, kasama ang kaniyang tabak.

<sup>318</sup> Anong sinabi ni Jesus? Sabi ni Jesus, “Sila na nangagtatangan ng tabak ay sa tabak mangamamatay.” Huwag gumanti. Kita n’yo? Si Jesus, nang gaging iyon nang Kaniyang sabihin, sinabi iyan, at kinuha ni Pedro ang kaniyang tabak. Kita n’yo? Ginawa ang tulad ng Kaniyang ginawa, nagpatuloy lamang.

<sup>319</sup> Ngayon, ngayon alalahanin, mayroon siyang isang tabak. Siya ay lumalabas, isang tabak sa kaniyang kamay; sumasakay, pulang kabayo, nagtatampisaw sa dugo ng bawat tao na sumasalungat sa kaniya.

<sup>320</sup> Ngayon naunawaan n’yo na ba ito? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ilan ang nakakaunawa kung ano nga ang Tatak na ito ngayon? [“Amen.”] Mabuti. Ngayon, anong sabi ni Jesus? “Sila na nangagtatangan ng tabak ay sa tabak mangamamatay.” Tama ba ’yan? Mabuti. Mabuti. Ang mangangabayong ito at lahat ng tagasunod ng kaniyang kaharian na pumapatay sa pagpapatuloy ng kapanahunan, na nag-ipon ng lahat ng dugong ito ng mga martir ng mga santo, ay papatayin sa pamamagitan ng Tabak ni Jesus Cristo kapag Siya’y dumating. “Sila na nangagtatangan ng tabak ay mamatay sa pamamagitan ng tabak.” Kinuha nila ang tabak ng dogma at anti-cristo, at pinatay ang mga totoo, tunay na mananamba, sa lahat sa pagpapatuloy ng mga kapanahunan, sa mga milyon. At kapag dumating si Cristo kasama ang Tabak, sapagka’t ito’y ang Kaniyang Salita na lumalabas mula sa Kaniyang bibig, papatayin Niya ang bawat kaaway na mayroon sa Kaniyang harapan. Pinaniniwalaan n’yo ba ito? “Patayin ang Kaaway.”

<sup>321</sup> Tayo’y dumako sa banda rito sandali lang, Apocalipsis. Makikita natin ngayon kung sinasabi ko lang iyan, o kung sinasabi ito ng Salita. Apocalipsis 19:11.

*At nakita kong bumukas ang langit (amen), at narito ang isang kabayong maputi, at yaong nakasakay dito ay tinatawag na Tapat at Totoo; at sa katuwiran siya’y humahatol at nakikipagbaka.*

*Ang kaniyang mga mata . . . ay ningas ng apoy, at sa kaniyang ulo . . . ay maraming diadema; . . .*

<sup>322</sup> Oh, kapatid! Kita n’yo, Siya’y tapos nang koronahan ng Kaniyang mga banal, nakita n’yo.

*. . . at siya’y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakakaalam kundi . . . siya rin.*

323 Tandaan, ating—hindi natin, hindi natin alam iyan, kita n'yo, ano nga iyan. “At siya’y nararamtan . . .” Tingnan natin.

*At siya’y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinawag na (hindi “tatawagin”, kundi “tinawag na”) Ang Salita ng Dios.*

324 Sapagka’t, Siya at ang Salita ay iisa. Kita n'yo? Ngayon pansinin, hindi “Kaniyang mga pangalan.” Uh-huh! “Kaniyang Pangalan ay tinawag na ‘Salita ng Diyos.’” Ito ay nakakakilala lamang ng isang Pangalan; wala ng ibang pangalan.

*At ang mga hukbo ng langit, na nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, nangaramtan ng mahalagang linong maputi at dalisay. (Iya’y ang katuwiran ng mga banal. Kita n'yo?)*

325 Ngayon masdan. Anong sinabi ni Jesus? “Siya na tumatangan ng tabak . . .” Tama, mangangabayo ng mapulang-kabayo, dito kung saan siya’y darating. “Siya na tumatangan ng tabak . . .” Maaring nakapatay ka ng anim na pu’t walong milyon sa kanila, sa lahat ng pagpapatuloy ng mga kapanahunang ito, mula noon; marahil ay mas marami pa. Ngunit sabi ni Jesus, “Siya na tumatangan ng tabak ay sa tabak mamamatay.” Masdan.

*At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, . . .*

326 Sa Hebreo, ang ika-4 na kabanata, sabi, “Ang Salita ng Diyos ay matalas kaysa isang tabak na may dalawang talim, na bumabaon hanggang sa kasukasuan ng buto.” At anong gumagawa Nito, ang Salita, ang gumawa? “Ito’y kumikilala ng pag-iisip ng puso.” Tama.

*. . . sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang matalas dalawang-talim. . . isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito’y sugatan niya ang mga bansa: at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.*

*At siya’y mayroong isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita, HARI NG MGA HARI, AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.*

327 Bilang mga impostor, laban sa Salita ng Diyos, at sapagka’t hindi sila sumasang-ayon, at ang bagay na ito. . . Na inilagay ni Satanas, pinagkaisa ang pulitikal na mga kapangyarihan na kaniyang tangan, at ang mga espirital na kapangyarihan na kaniyang tangan, magkasama, at gumawa ng isang iglesya na lumaganap sa bawat bansa. At siya’y naglagay ng milyon-milyong ulit. . . matapos siyang bumaba mula sa kaniyang

maputing kabayo, papunta sa kaniyang mapulang kabayo, at kaniyang kinuha ang kaniyang tabak at nagpatuloy.

328 Ngunit sabi ng Diyos, “Ang gayun ding Bagay na kaniyang pinilipit, o pinagsikapan, sa pamamagitan ng isang bulaang katuruan; ang Salita ding iyan ay magbabangon sa kapangyarihan, na lumalabas mula sa mga bibig ni Jesus Cristo, at papatayin siya, at lahat ng bagay sa Kaniyang harapan.” Amen.

329 Hayan ang Ikalawang Tatak. Mahal n’yo ba Siya? [Kongregasyon, “Amen.”] Oh, naku! Iya’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. [Kongregasyon ay nagsaya ng husto.] Papuri sa Diyos! Kung lahat ng iba pang mga kapahayagang ito, at mga pangitain, at lahat ng bagay, ay tumama ng sadyang eksakto sa—sa punto! At ilan ang nakakaalam niyan? Itaas ang inyong mga kamay. Daan-daan, bawat tao rito, ay nakataas ang kanilang mga kamay. Iya’y tama. Magiging gayun din Ito! Tandaan, Ito’y gayun nga. Oh, kaibigan!

Lumapit sa Bukal na puno ng Dugo,  
Sinalok mula sa mga ugat ni Immanuel;  
Kung saan ang mga makasalanan ay naglublob  
sa ilalim ng baha,  
Naiwala ang lahat ng kanilang makasalanang  
mga mantsa

330 Halikayo, manampalataya sa Kaniya, kung hindi pa ninyo nagawa. Huwag magbakasali; huwag, huwag, kung mayroong anumang sa inyong buhay, kaibigan.

331 Tayo’y narito na. Mayroong bagay na nahahandang maganap. [Si Kapatid na Branham ay kumatok ng apat na beses sa pulpito—Pat.] Hindi ko alam kung bakit. Hindi ko alam kung kailan. Alam ko kung anong magaganap, ngunit hindi ko alam kung kailan ito magaganap. Ngunit ito’y darating, sapagka’t inihahayag Niya ito ngayon mismo. Hindi Siya gumagawa ng anumang bagay hangga’t hindi Niya ito inihahayag. Amos 3. Inihahayag Niya ito, muna. At ipinangako Niya na ang mga bagay na ito ay darating sa mga huling araw. At ang ikapitong kapanahunan ng iglesya, sa katapusan nito, kapag ang mensahero ay dumating na, doon na nga ito. Ito ay mahahayag, ang mga nabuksang Tatak na iyon ay mahahayag, at narito nga Sila. Ngayon, iya’y sa Pangalan ng Panginoon. Paniwalaan Ito, kaibigan. Oo, ginoo. Lumabas kayo sa Babilonia!

332 May nais akong sabihin bago magtapos. Pagkat, ako’y mayroong...Ako’y aabot lamang sa oras na ikasiyam at kalahati. Iya’y halos ngayon na.

333 Si Billy at ako, nang kami’y bumaba mula sa eroplano, sa India, ang aming huling biyahe roon. Ako’y tumitingin sa isang— isang pahayagan na kanilang dinala, nasusulat sa Ingles. At sabi nito, “Ang lindol marahil ay tapos na; ang mga ibon ay

bumabalik na.” Pagkatapos ito ay nagbigay ng mga detalye. Sila . . . Mayroong isang bagay na naganap na nakakatawa.

334 Ang India ay walang mga hinabing bakod katulad natin. Sila’y pumupulot ng mga bato, at gumagawa ng kanilang mga bakod. At sila’y nagtatayo ang karamihan ng kanilang mga bahay ay mula sa mga bato, ilalagay lamang iyan sa taas doon. At mainit doon, sa paligid, aba, saan man, na malapit, sa India, liban na kayo’y nasa itaas ng mga bundok. At lahat doon sa buong Calcutta at mga bagay, ang mga tao ay nahihiga lamang sa mga lansangan, namamatay sa gutom, kung anu ano pa.

335 Ngayon, kaya, at kanilang itinatayo ang kanilang mga bahay sa mga tore, ng kanilang bahay. Kanilang itinatayo ang—ang bakod mismo rito, sa gilid ng kanilang bahay. Itinatayo ang tore para sa kanilang bahay, at sa tore marahil kung saan nila inilalagay ang kanilang balon. Hinukay nila iyon para sa kanilang mga kawan ng baka at mga bagay, pagkatapos ilalagay ang kanilang mga bakod sa paligid.

336 At, bigla na lang, mayroong nagpasimulang maganap. Ang mga maliliit na ibon, alam n’yo, ay pumunta sa mga batong iyan, at ginawa roon ang kanilang mga pugad at pinalaki ang kanilang mga inakay. At mayroong bagay na nagsimulang maganap.

337 Araw araw, kapag umiinit na, lahat ng mga kawan ng baka ay pupunta at tatayo sa ilalim ng anino ng mga dingding na iyan; manatiling malamig.

338 At lahat ng mga maliliit na ibon ay tumitira sa mga lugar na iyon. At, bigla na lang, lahat silang maliliit na mga ibon, sa hindi malamang kadahilanan . . . Ngayon, alam ninyo kung anong sinabi natin noong isang araw tungkol sa mga maliliit na ibon. Kita n’yo? Ilang ’di malamang kadahilanan, lahat sila ay lumipad. At sila’y lumabas, at hindi bumalik sa kanilang mga pugad. Sila’y pumunta sa bukirin, at sila’y dumapo sa mga puno, at kung saan man sila makakapunta, o mismo sa lupa.

339 Ang mga kawan ng baka ay ayaw pumunta sa tabi ng bakod. Ang mga tupa ay ayaw pumunta sa tabi ng bakod. Nanatili sila mismo sa bukirin, at nagsiksikan sa isa’-isa. Iya’y isang magandang paraan na gawin. Alam nila na mayroong isang bagay na magandang.

340 Pagkatapos, bigla na lang, isang lindol ang naganap, at niyanig ang mga dingding pababa, nagiba ang mga bakod, at lahat pa ng mga bagay.

341 Pagkatapos ang mga maliliit na ibon ay nagpasimulang bumalik. Hindi bumalik sa mga tatlo o apat na mga araw; pagkatapos sila ay nagpasimulang bumalik. Ang sabi nila, “Buweno, marahil tapos na ang mga lindol ngayon; ang mga ibon ay bumabalik na.”

342 Bakit? Hindi ba kayo naniniwala na ang siya ring Diyos na makakagawa sa mga ibon na iyon at kawan ng baka at tupa, sa mga araw ni Noe, na pumasok sa arka, ay Siya pa ring Diyos na magagawang paliparin sila sa ikaliligtas? Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.” —Pat.]

343 Ngayon hayaang sabihin ko ang ilang bagay, kapatid. Mayroong isang bagay na nahahandang maganap. At ang lahat ng malalaking ito, lumang mga pader na pangsimbahan ay babagsak, at babalik agad sa dako roon, at sasang-ayon. 'Pagka't, gagawin nila iyan, ng kasing tiyak ng pagtayo ko rito. Mayroong “isang larawan sa hayop na iyan,” na kasing tiyak ng pagtayo ko rito; at kinuha iyan ng bansang ito, batay sa Salita ng Panginoon. Makinig, kapag inyong naramdaman iyang munting, kakatwa pakiramdam, kayo ay lumayo mula sa mga pader na iyon. Lumayo kayo! Mamamatay kayo roon. Huwag n'yong gawin iyan! Lumabas kayo mula roon! Lumayo kayo mula sa lahat ng mga bagay na ito! Pumunta kayo sa ligtas, ng kasing bilis ng iyong makakaya. Humingi sa Diyos ng habag.

344 Huwag lang kumuha, ng ilang, “Buveno, ang aking ina ay isang Metodista, kaya palagay ko'y ako rin. Ang ama ko ay isang Baptist; ako rin.” Huwag mong gagawin iyan. Huwag kang—huwag kang makipagsapalaran.

345 Walang anuman kung gaano kasimple o kababang-loob Ito tingnan; Ito'y ang Salita ng Panginoon. Tumakas kayo tungo kay Jesus Cristo nang kasing bilis ng inyong magagawa, at manatili roon hanggang sa puspusin kayo ng Diyos ng Kaniyang Banal na Espiritu. Sapagka't darating ang oras na kayo ay maghahanap para Doon, at Iyon ay mawawala roon. Kaya, siguraduhing gawin iyan.

Iyukod natin ang ating mga ulo, ilang sandali lamang.

346 Amang Makalangit, oh, ako-ako'y sadyang, kung minsan, Panginoon, nakatayo rito at—at ako'y nanginginig. Iniisip ko ang kagila-gilalas na oras na ito na paparating, at ako'y . . . Walang paraan upang pigilan ito. Ito'y naihula na ito ay darating. At iniisip ko na, “Bakit ang mga tao ay hindi lumapit at—at—at makinig? At hindi ba sila lalapit at tatanggapin Ito?” Ngunit, siyempre, alam ko na—na Iyong—Iyong sinabi na hindi sila lalapit, kaya hindi nga sila lalapit.

347 Ngunit mayroong ilan na ang kanilang mga pangalan ay naisulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero. At nang yaong mga Tatak ay nabuksan doon, nakita nila ang kanilang mga pangalan doon, at ang Banal na Espiritu ay nangusap sa kanila. Sila'y darating. Hindi Mo sila mapapanatiling malayo; walang sinumang may kakayanan, walang sinuman. Sila ay darating, sa anumang paraan, sapagka't pinapangunahan Mo sila tulad ng Iyong ginawa sa mga maliliit na ibong iyon, at ang tupa at ang kawan ng baka. Ikaw ay Diyos! Isang pandama na mayroon yaong mga

hayop, na nalalaman nila na kailangan nilang lumayo! At kung ang pandama, sa isang hayop, ay mababalaan siyang tumakas mula sa panganib, ano ang dapat gawin ng Banal na Espiritu sa isang Iglesya na nag-aangkin na puspos Nito!

<sup>348</sup> Diyos, mahabag sa amin. Patawarin kaming lahat, Panginoon, sa aming mga pagkukulang. Hindi namin nais na tumayo sa pulpitong ito at pabayaan ang mga taong ito ay tumayo sa paligid ng mga dingding, at ang kanilang mga paa't bisig ay sumasakit, at pagkatapos ay lumayo na lamang at sabihing, "Buweno, iya'y mainam pakinggan." Panginoon, nais naming gumawa ng isang bagay tungkol doon. Kami, kami'y nagnanais na saliksikin ang aming mga puso. Kung mayroon mang bagay na mali, Panginoon, hayaan malaman namin ngayon. Pakiusap huwag kaming ipahintulot na humantong sa oras na iyan, doon, kapag ito'y huli na. Saliksikin ako. Subukin ako, Panginoon.

<sup>349</sup> Narito, nakatayo ako rito sa biyaya ng Diyos, nakikitang ang mga Tatak na iyan ay nabuksan doon, at pumarito, sinasabi sa mga tao. Nang, inihula Mo na ito ay magaganap sa ganitong paraan, mga linggo na ang nakalilipas. At ngayon, Ama, narito Ito, mismo sa aming harapan.

<sup>350</sup> Ngayon, Panginoon, subukin ako. Saliksikin ako. Saliksikin ako, sa puso ko. Panginoon, hindi kami. . . Kami, kami ay nagnanais na Ikaw ay tumingin sa aming mga pamumuhay. At kung mayroon mang anuman doon, na hindi tama, ipangusap lamang ito sa amin, Panginoon. Nais naming ituwid ito, mismo ngayon; mismo ngayon, habang mayroong isang Bukal na puno ng Dugo, habang mayroong isang-isang pampaputi na makapaglilinis sa aming mga kasalanan at di-pagsampalataya. Nais naming ilubog ang aming mga kaluluwa sa kailaliman niyon; lahat ng aming di-pagsampalataya. Diyos, tulungan ang aming di-pagsampalataya; kunin ito palayo mula sa amin, Panginoon.

<sup>351</sup> Nais naming makatanggap ng biyaya para sa pag-agaw. Nais sana naming magawang, kapag ang mahiwagang Kulog na iyan ay kumulog doon, at ang Iglesya ay makuha paitaas, nais naming maging handa upang tanggapin Ito. Panginoon, ipagkaloob ito.

<sup>352</sup> Subukin kami, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong Salita. Hayaan kaming tumingin sa loob Nito. At kung aming makita na kami ay nabigo. . . Kung mayroong mga gayon dito, Panginoon, na nabautismuhan sa mga titulo; na walang nalalamang anuman tungkol sa tunay, totoong bautismo! Ako nawa'y maging kasing tapat ni Pablo. . .

<sup>353</sup> Nang siya ay magdaan sa mas mataas na baybayin ng Efeso, at kaniyang natagpuan ang mga alagad na nagtitilian, at nagsisigawan, at nagkakaroon ng maluwalhating oras. Sinabi niya sa kanila, "Natanggap n'yo na ba kung gayon ang Espiritu

Santo magmula ng kayo ay magsisampalataya?” Hindi nila alam kung magkakaroon nga ng anumang. Sinabi niya, “Kung gayon sa ano kayo nabautismuhan?” At sila ay nabautismuhan sa pamamagitan ng maluwalhating, banal na propetang iyon, ngunit sila ay nabautismuhan lamang sa pagsisisi. Pagkatapos sila ay nabautismuhan muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At inutusan sila ni Pablo na mabautismuhan, muli.

Panginoon, sa Liwanag ng Iyong Salita!

<sup>354</sup> Inuutusan ko ang bawat tao, na hindi pa nababautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, na magmadali tungo sa tubig, madali, habang mayroon pa kayong pagkakataon.

<sup>355</sup> Kayo na hindi pa napuspos ng Espiritu Santo; inuutusan ko kayo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, lumuhod kayo. At huwag tumayo hangga't hindi pa kayo lubos na pinapaging-banal ng lubusan ng Banal na Espiritu at puspusin kayo ng Kaniyang pag-ibig at kabutihan; hanggang sa ang inyong kaluluwa ay lubos na masiyahan sa Presensiya ng Diyos, na ang inyong buong hangarin ay upang paglingkuran Siya at lumakad para sa Kaniya, at gumawang kasama Niya, sa lahat ng nalalabi pa ng inyong buhay.

<sup>356</sup> Ipagkaloob ito. Idinadalangin ko na ibibigay sa inyo ng Diyos ang lakas na ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

*Mahal ko Siya, Mahal ko Siya  
Sapagka't una Niya akong minahal*

Mahal n'yo ba talaga Siya? Ngayon itaas ang inyong mga kamay.

*At binili ang aking kaligtasan  
Sa puno ng kalbaryo.*

<sup>357</sup> [Nagpasimulang ihimig ni Kapatid na Branham ang *Mahal Ko Siya*—Pat.] Kung mayroon mang nakaupo, na nararamdaman ang kanilang pangangailangan ngayong gabi, nadaramang kailangan nilang mabautismuhan, o nangangailangan ng bautismo ng Banal na Espiritu. Alam ninyo ang inyong pangangailangan; ito'y naihayag sa inyo, at nais ninyong alalahanin sa panalangin. Wala isa sa amin ang makapagbibigay Nito sa inyo. Oh, magagawa naming bautismuhan kayo. Ngunit, ang tanging bagay, hindi namin kayo mabibigyan ng Banal na Espiritu. Ang Diyos ang gumagawa niyan, lamang. Ngunit inyong nadarama ang inyong pangangailangan, na ang Diyos ay nangungusap sa inyong puso, na kailangan n'yo Ito, at nais n'yong alalahanin namin kayo sa panalangin. Maari bang tumayo kayo, upang makilala namin kayo, kung sino kayo? Pagpalain kayo ng Diyos. Isang pangangailangan? Pagpalain kayo ng Panginoon.

<sup>358</sup> Sa paglagay ko'y mayroong isang daan at limampu, marahil, na nakatayo rito. Marahil mga ganiyan, kung makikita ko ang



lahat. Hindi ko alam kung ano ang mga nasa silid, at sa palibot sa labas, na nakataas ang kanilang mga kamay, at iba pa. Ngunit kayo ay may pangangailangan.

Ngayon tayo'y manalangin.

<sup>359</sup> Ngayon, kayo na nakakakita sa mga taong iyan na nakatayo sa inyong tabi. At sila ay nangakatayo bilang isang saksi, sa harapan ni Cristo, “Ako—ako—kailangan Kita, Panginoon. Kailangan Kita. Ako—Ako’y nagtitiwala na ako’y— ako’y isa roon na na makakasumpong ng aking pangalan ngayong gabi sa likod ng Tatak na iyan doon, na nailagay Doon mula pa ng itatag ang sanlibutan. Mayroong bagay na tumimo sa puso ko, at ako’y nakatayo, Panginoon. Ako ba? Tinatawag Mo ba ako? Nais kong Iyong ihayag, sa akin, ang pangalan ko Roon. Puspusin Mo ako, at tatakan ako sa Iyong Sarili, sa pamamagitan ng Espiritu Santo.” Kayo na mga natatakan na, nais kong kayo ay tumayo. Bumaling sa kanila, at ipatong ang inyong mga kamay sa kanila, upang manalangin para sa kanila. [Si Kapatid na Branham ay tumigil panandali.] Ngayon maging talagang sinsero. [Ang buong Kongregasyon ay nagsimulang manalangin—Pat.]

<sup>360</sup> Amang Makalangit, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, hayaan mong ang dakilang Banal na Espiritu ay kumilos sa mga taong ito, tulad ng isang humihihip na hangin, at tumawag sa bawat puso rito, Panginoon. At ibigay Mo ang bautismo ng Banal na Espiritu, sa mga taong ito.

At mayroong tubig na naghihintay.

<sup>361</sup> “Habang sinasalita ni Pedro ang mga salitang ito, ang Espiritu Santo ay bumaba sa kanila na nagsipakinig ng Salita, at silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo.”

[Ang buong kongregasyon ay nagpatuloy na nananalangin—Pat.]



*ANG KAPAHAYAGAN NG PITONG TATAK*  
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangangilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)